


MGA SIRANG BALON

 Tayo ay manalangin. Panginoon, ngayon po'y sumasampalataya kami. Kami ay nanampalataya sa Anak Ng Dios, at, sa pamamagitan nito, aming tinatanggap ang Buhay na Walang-Hanggan sa pamamagitan Niya. Ngayon kami ay nagkatipong muli, sa hapong ito, o sa gabing ito, para sa isa na namang gawain, umaasa sa Iyo para sa Mensahe at sa kung ano ang sasabihin Mo sa amin ngayong gabi. Kami ay nananampalataya sa Iyo, Panginoon, at kami ay naghihintay sa Iyo. At sinabi Mo, “Silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila’y pailanglang na may mga pakpak na parang isang agila.” At kami ay dumadalangin, Dios, na ipagkakaloob Mo sa amin ang Kapangyarihang pumailanglang, sa gabing ito, habang naghihintay kami sa Iyo.

² Kami ay nagpapasalamat para sa mga taong ito, at sa kung ano ang kanilang kahalagahan sa Iyo at kung ano ang kahalagahan nila sa akin. Pinasasalamatang Kita para dito, Ama. Sila ay mga hiyas Mo. At aking idinadalangin, Dios, na ngayong gabi, na Iyong ihahayag ang sarili Mo sa pamamaraan, sa kanila, na kinakailangan nila. Kung mayroong may karamdaman dito, sila nawa ay gumaling. Kung may isang pag-aalinlangan sa kaisipan ninuman; palinawin ito, Panginoon. At sadyang bigyan kami ng Iyong Presensiya at ng Iyong mga pagpapala, dahil sa kailangan namin sila, Panginoon. Ikaw ang lahat naming kasapatan. At, kung wala Ka, wala kaming magagawang anuman.

³ Aming dalangin na Iyong tanggapin ang pasasalamat namin para sa lahat na ginawa Mo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo inaasahan namin ang Iyong mga pagpapala. Amen.

Kayo ay makakaupo na.

⁴ At, buweno, ito’y sadyang isang—medyo mas malamig ngayong gabi ng Linggong ito, dito, kaysa noong nakaraang Linggo ng gabi. Tayo’y lubos na nagpapasalamat sa mga kapatid nating kalalakihan na gumawa ng buong katapatan sa pagpasok nito. Alam ko ang dalawa o tatlo sa kanila. Si Kapatid na Mike Egan, na aking nakikita sa likuran doon, at ako. . . si Kapatid na Mike, at si Kapatid na Sothmann, si Kapatid na (sa palagay ko) Roy Roberson, at si Kapatid na Woods, at lahat sila, sila ay naparito na sadyang naghirap, sinisikap ipasok ito para magkaroon tayo ng Mensaheng ito ngayon, o sa araw na ito. Kaya, tayo’y nagpapasalamat.

⁵ Ngayon, sa susunod na Linggo ng umaga, loloobin ng Panginoon, gusto kong magkaroon ng gawaing pagpapagaling,

mga pananalangin para sa may-sakit. At ating itatalaga ito sa isang gawaing pagpapagaling, kung loloobin ng Panginoon.

⁶ Aking napansin, itong umaga, may isang buntong ng mga panyo rito. Ipinanalangin ko sila. At aking, habang kayo ay nananalangin at umaawit, ipinanalangin ko ang mga panyo; at pagkatapos mayroon pang mas marami dito sa gabing ito. Kaya, ating—ating pinaniniwalaan na ang Diyos ay nagpapagaling sa may-karamdaman. Napakaraming mga dakilang patotoo ng kagalingan sa kalagitnaan natin, at sa buong mundo, at tayo'y nagpapasalamat para dito.

⁷ At naisip ko, sa susunod na Linggo, dahil ako'y kinakailangang umalis pansumandali, at tayo'y nagdaraos na ng napakadulas sa pagtuturo lamang at sa Mensahe, na naisip kong magiging mabuting bagay kung tayo'y nagkaroon ng isang—isang gawaing pagpapagaling, nanalangin para sa may-sakit. At tayo'y nagtitiwala na pagkakalooban tayo ng Dios ng isang magandang pagkakataon.

⁸ Ngayon, marami sa inyo ang kinakailangang magmaneho ng milya-milya sa gabing ito. Kaya ako'y nakipag-usap sa mga grupo doon sa—sa Blue Boar Cafeteria, ngayong araw na ito, kung saan ako naghahapunan. Maraming mabubuting tao, nakamayan ko sila at nakausap sila, mga taong hindi ko pa kailanman nakatagpo, na pumupunta dito sa bahay sambahan. At ako ay nagpapasalamat para sa gayong mga kaibigan, at gusto kong pasalamantan lahat at bawa't isa sa inyo. Ilan sa kanila ay namitas ng mga blackberries, at dinalhan kami. At ang isa'y dinalhan kami ng isang balde ng sirup, o molases, sa palagay ko ay 'yon nga, at—at sadyang mga bagay. Hindi ninyo alam kung anong halaga niyan. At sa isang umaga, ako'y babangon at lalabas ng bahay, minsan doon . . .

⁹ Nakaraang umaga ay may isang kapatid na lalaki doon na talagang naghihirap, walang mga damit at bagay-bagay, gusto niyang ikuha ko siya ng ilang damit. Aking sinimulan, at ako'y kamuntik nang matisod sa isang balde ng blackberries na nakalagay roon. Sabi ko, “Dinala mo ba ang mga blackberries na ito?”

¹⁰ At sinabi niya, “Hindi, walang kahit anumang kinalaman dito. Ako'y narito na bago pa sumikat ang araw, at sila'y nariyan na kanina.” At iyon ay ang aking mabuting Kapatid na Ruddell na nagdala ng mga 'yon sa akin. At, kaya, ang mga bagay na iyon ay talagang pinasasalamatan ko.

¹¹ Si Billy Paul ay may nasabi sa akin, ilang sandali pa lang ang nakararaan, na sa kongregasyong ito ngayong gabi, sila'y kumuha ng kaloob, na para sa akin. Aking—aking pinasasalamat kayo para diyan. Hindi ko gustong gawin n'yo iyan. Aking—aking sadyang pinasasalamat ang inyong pagsisikap, at iba pa, nguni't hindi 'yan kinakailangan. At,

nguni't, ang Panginoon ang magpala sa inyo. Alam n'yo, alam n'yo, ang sabi ng Biblia, "Yamang inyong ginawa sa pinakamaliit sa mga ito, ay sa Akin ninyo ginawa."

¹² Ngayon, ako'y parang nangungusap sa inyo, sa Mensahe, nang talagang deretsahan. At aking... Ang ilang mga tao marahil ay iniisip na—na aking ipinapalagay na si Jesus ay darating sa umaga o sa gabing ito. Ipinapalagay ko nga. Ngayon, hindi ko sinasabing gagawin nga Niya. At, muli, Siya'y maaaring hindi darating sa susunod na linggo, at ito'y maaaring sa susunod na taon, ito'y maaaring sa sampung taon. Hindi ko alam kung kailan Siya darating. Nguni't, may isang bagay na gusto kong... lagi ninyong isaisip, kayo'y maging handa bawa't minuto o oras. Kita n'yo? Na, kung hindi Siya darating ngayong araw na ito, Siya'y maaaring naririto bukas. Kaya panatilihin lamang 'yan sa inyong kaisipan, na Siya ay paparating.

¹³ At hindi ko alam kung anong oras ang magiging huli kong oras sa lupang ito, maging sino man sa atin. At wala sa ating nakaaaalam kung kailan Siya darating. Hindi man lang Niya alam, Mismo, sa Kaniyang Sariling Pananalita; Kaniyang sinabi, "Ang Ama, lamang, ang nakaaaalam kung kailan Siya darating; kahit ang Anak ay hindi nalalaman kung kailan Siya darating." Ito'y kung kailan ang Dios ay isusugo Siyang muli sa atin. Nguni't tayo'y naghihintay sa Kaniyang Pagdating. At kung Siya'y hindi dumating sa aking henerasyon, Siya ay maaaring dumating sa susunod; kung Siya ay hindi dumating sa isang 'yon, Siya'y darating sa susunod. Nguni't, para sa sarili ko, wala akong makitang anumang panahong nalalabi. Akin lamang... Para sa akin, ito'y maaaring maganap sa anumang minuto. Ngayon, hindi iyan nangangahulugan... hindi iyan nangangahulugan, ngayon, na inyong makikita ang mga kalangitan na mababago at bawa't... Iyan ay hindi ang Pagdating na sinasabi ko. Ako'y nangungusap patungkol sa Pag-agaw.

¹⁴ Kita n'yo, Siya'y may tatlong Pagdating. Siya'y dumarating sa tatlong Pangalang, Anak. Siya ay dumarating sa isang trinidad; Ama, Anak, Espiritu Santo. Kita n'yo, lahat ng ito ang siya ring Cristo, ang siya ring Dios, sa lahat ng panahon. Ngayon, ating nalalaman na dumating siya upang maghatid ng tatlong gawa ng biyaya; pag-aaring ganap, pagbabanal, bautismo ng Espiritu Santo. Lahat ng bagay, sa Dios, ay nakumpleto sa tigatlo.

¹⁵ At kaya nga Siya'y dumating, una, upang tubusin ang Kaniyang Nobya. Siya'y darating, ikalawa, bilang sa isang Pag-agaw, upang kunin ang Kaniyang Nobya. Siya ay darating, ikatlo, kasama ang Kaniyang Nobya, Hari at Reyna; pagkatapos, 'yan ay kung kailan maraming tao ang naghihintay sa Pagdating.

Nguni't kapag Siya ay dumating sa oras na ito, halos wala kundi 'yung mga nakahanda ang makaaalam kapag dumating Siya. Magkakaroon lamang ng pagkawala ng mga tao. Hindi nila malalaman kung ano ang nangyari sa kanila. Sila lamang ay aagawin, sa isang sandali, at na sila ay mangyari lamang na nawawala. "Babaguhin sa isang sandali, sa isang kisap-mata." Kaya maging handa lamang para diyan. Ito'y magiging kakilakilabot isang umaga na mawawalan ng isang mahal sa buhay, walang makasusumpung sa kanila. Hindi ba napakakahabag-habag na malaman na ito'y natapos na at hindi ka nakasama? Kaya manatili lamang sa harapan ng Dios.

¹⁶ Ngayon, sa susunod na linggo, loloobin ng Panginoon, sa susunod na Lunes, sa linggo mula sa Lunes na ito, kung loloobin ng Dios, aking dadalhin ang pamilya pabalik sa Arizona kung saan sila pumapasok sa paaralan, pagkatapos ako—ako'y babalik.

¹⁷ Ngayon, hindi ako nagtutungo roon...Ako ay walang anumang gawain upang dumoon. Halos wala ako lagi sa Arizona. Ako'y naroroon sa ibang dako saanman. Aking isasama ang may-bahay doon, sa susunod na Lunes. Ako'y babalik ditong muli. Ako'y aalis mula rito patungo sa British Columbia. Ako ay babalik sa Colorado. Ako'y maging nasa Arizona muli isang panahong malapit nang Magpasko, sa ilang minuto lamang, mahaba-haba na... marahil dalawa o tatlong araw, magsamasama ang pamilya, babalik rito sa mga araw ng bakasyon sa Kapaskuhan, loloobin ng Panginoon, magkakaroon ng gawain hangga't sa sanlinggo ng bagong taon dito.

¹⁸ Kaya kung ganoon naririto ako, halos, higit pa. Ako'y naririto maka-sampung beses na higit pa kaysa naroon, dahil tayo'y walang anumang simbahan o anumang mga gawain doon, wala tayong anumang bagay naroroon, na, sa pamamaraan ng gawain sa simbahan. Iyan ang isang hindi magandang bagay tungkol dito. Ako'y walang dakong mapagdadalhan sa mga bata na maririnig ang mga Mensaheng ito, gaya ng inyong mga anak na naririnig ito dito, at—at kaya 'yan ang isang kakulangan namin. Nguni't silang lahat ay mas malulusog. Ito'y isang tuyo, mainit, tuyong klima, nguni't lahat ng mga bata ay mukhang mas malulusog. Ako'y hindi gaanong nagtatagal doon para malaman kung nakapagpapalusog ito o hindi nakapagpapalusog. Ako, ako'y laging umaalis, at ako—ako—ako palagay ko ay ipinanganak lamang na gala.

¹⁹ Ang asawa ko ay tinatawag akong... nalalaman kong siya'y naririto, kaya malalaman ko ito pagkatapos ng simba, alam ninyong lahat. Ano'ng tawag diyan, pabago-bagong hangin, o walang-pahinga na hangin o anuman—anuman, alam n'yo, kumikilos na buhangin? O, ako'y laging umaalis, sa ibang pang salita. At ako'y ikinasal na ngayon, dalawampu't dalawang

taon na, at aking pagkaminsan ay naiisip ko na ako'y isang estranghero sa bahay, dahil sa kinakailangan kong umalis-alis.

Nguni't ako'y naghihintay para sa panahon na 'yan kung kailan tayo'y pipirmi na sa Lupaing tahanan balang araw. Nguni't ngayon ang pakikipagbaka ay nagaganap, kaya tayo'y laging manalangin.

²⁰ Huwag kalimutan, sa susunod na Linggo ng umaga, loloobin ng Panginoon, dalhin ang inyong may-sakit at ang nagdadalamhati. Dumating ng maaga, dumako sa inyong lugar, at marahil may isang grupong ipananalangin. Kami'y kailangang mamigay ng mga prayer card. Kung walang sapat, hindi kami mamimigay ng mga prayer card, sapat lamang na makabuo ng maliit na hanay gaya ng dalawa o tatlong dosena, o ganung bagay. Nguni't kami—kami marahil ay mamimigay ng mga prayer card, kaya marahil aming gagawin ito ng mga isang oras bago ang regular na gawain, na sa palagay ko ay magaganap. . . Ito'y sa alas otso, alas otso o alas otso y media, sila'y mamimigay ng mga prayer card; bubuksan ang bahay-sambahan, ibibigay ang mga prayer card sa susunod na Linggo ng umaga. At kung gayon tiyaking paririto para sa inyong. . . Dalhin ang inyong mga mahal sa buhay, ilagay sila doon. Ito'y magiging kasiya-siya at presko sa bahay-sambahan, kung sila'y may-sakit, at ating gagawin ang lahat ng makakaya natin upang ipanalangin sila.

²¹ Salamat sa inyo, muli, para sa pag-ibig na kaloob.

²² At ngayon tayo'y magbabasa ng ilan sa Salita ng Dios, sa gabing ito, at maging handa para sa pangyayaring ito ng Kaniyang Presensiyang muli para dalhin sa atin ang Kaniyang Salita. Ngayon, ating nalalaman na tayo'y makapagbabasa ng teksto, nguni't kinakailangan na ang Dios ang maghayag ng nilalaman. Kita n'yo? Tayo'y makakakuha ng teksto, pero kinakailangang ang Dios ang maghayag ng nilalaman. At habang inyong binubuksan ngayon sa Aklat ni Jeremias, ang ika-2 kabanata.

²³ Gusto kong sabihin na ako'y nagagalak na naririto, kasama natin, si Kapatid na Lee Vayle, isang minamahal na kapatid sa Panginoon. At sa palagay ko rito, ang kapatid na lalaki rito, hindi ko maisip ang kaniyang pangalan, si Kapatid na Willard Crase. At nakita ko ang mga kapatid na kalalakihan na mula sa Arkansas, si Kapatid na John at sila, nagmula pa doon sa Poplar Bluff, at si Kapatid na Blair. At, oh, si Kapatid na Jackson, at si Kapatid na Ruddell, at napakarami na ako—ako'y sadyang hindi. . . Hangad kong matawag ang pangalan ng bawa't isa, nguni't sadyang hindi ko magagawa ito, at inyong nauunawaan. Si Kapatid na Ben Bryant, nakikita ko siyang nakaupo rito; siya'y lagi nang ang aking dako ng amen habang ako'y. . . Bawa't isa ay nakakikilala kay Ben sa kaniyang boses. Uh-huh.

²⁴ Kami, naroroon sa California minsan, ako'y nangangaral ng isang Mensahe para sa mga taong Baptist doon sa lambak. Sila'y may isang malaking tolda roon, at maraming parang aristokratikong Baptist. Wala man lang akong marinig na "amen" mula saanman; alam n'yo, natatakot ang ilang kababaihan na masira ang pintura sa kanilang mukha. At pagkatapos, unang bagay alam n'yo, aking nakita ang isang pares ng paa mga gaya *niyan*, tumaas sa hangin, at dalawang malalaking kamay, at itim na buhok na gumagalaw doon, sumisigaw ng, "Amen," humihiyaw gaya niyan. At ako'y napatingin pababa, sabi ko, "Ben, saan ka nanggaling?" Siya'y talagang nangunguna sa "amen".

²⁵ Aking nakikita ang kaniyang asawa na tinitingnan siya, ng kaunti. Buweno, siya'y medyo nauubusan na ng itim na buhok na iyan, nguni't 'yan ay ayos lang, alam n'yo. Huwag mag-alala tungkol diyan. Ako'y nawalan na, ang akin, matagal nang panahon.

Kaya, ngayon, huwag kalimutang manalagingin.

²⁶ Ngayon habang tayo'y papadako sa mataimtim na bahagi ng gawain, alalahanin, kung ating babasahin ang Salitang ito, kung gayon ay pagpapalain ng Dios ang Kaniyang Salita. "Ito'y hindi babalik sa Kaniya na walang bunga, kundi gaganapin Nito kung para sa alin Ito itinakda." At aking nalalaman, sa pagbabasa ng Salita, ako'y laging magiging tama. Kapag aking binabasa ang Salita, ang Dios ay igagalang ang Kaniyang Salita.

²⁷ Ngayon tayo'y tumayo bilang paggalang sa Kaniyang Salita. Jeremias, ang ika-2 kabanata, ang ika-12 at ika-13 na talata ng Jeremias 2.

Mangagtaka kayo, Oh . . . mga langit, sa bagay na ito, at mangatakot ng kakilakilabot, mangatuyo kang lubha, sabi ng PANGINOON.

Sapagka't ang bayan ko ay nagkamit ng dalawang kasamaan; kanilang iniwan ako na bukal ng buhay na tubig, at nagsigawa sa ganang kanila ng mga balon, na mga sirang balon, na hindi . . . hindi malalamnan ng tubig.

Iyukod natin ang ating ulo ngayon.

²⁸ Mahal na Dios, ang Iyong Salita ay binasa na. At aming dalangin na Iyong igagalang ang Salitang iyan at ipagkaloob sa amin ngayong gabi ang talinghaga o ang pagtutulad Nito; samantalang kami ay tumitingin sa mga nagdaang mga panahon, ang Israel, bilang mga halimbawa, gaya ng itinuturo ng Biblia na makikita namin kung ano ang Iyong ginawa sa kanila nang tuparin nila ang Salita, makita kung ano ang Iyong ginawa sa kanila nang salangangin nila ang Salita, at matutunan kung ano ang dapat naming gawin. Kaya, aming idinadalangin na Ikaw ay mangusap sa amin sa gabing ito sa isang natatanging

paraan, upang aming maalaman kung paano ang ikikilos namin sa aming saliri sa araw na ito, na aming nalaman itong umaga na kinabubuhayan namin. Sapagka't amin itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na.

²⁹ Nais kong mangusap sa gabing ito sa paksang, sa isang— isang maikling panahon lamang sa: *Mga Sirang Balon*.

³⁰ Ang Israel ay gumawa ng dalawang malaking kasamaan. Ang Dios ay nagsabing kanilang iniwan Siya, ang Bukal ng Buhay, at nagsigawa sa ganang kanila ng mga balon na mapag-iinuman. Ngayon, 'yan ay isang bagay.

³¹ Ang dahilan na naisip ko ang paksang ito ay dahil sa maiuugnay ito sa kung ano ang sinasabi ko itong umaga, sa oras na ating kinabubuhayan, at ang Layunin na ating ipinapakipagbaka.

³² At tayo ay tumitingin sa Israel bilang halimbawa, na, kung ano noon ang Dios, Siya sa tuwina ay kailangang manatiling siya pa rin. At may isang tanging bagay na kailanman ay iginalang ng Dios, 'yan ay, ang Kaniyang daan na inilaan Niya para sa mga tao. At nang sila'y nalihis sa daang iyon, sa gayon ang Dios ay niwalan ng paggalang, at ang Dios ay pinagdusa ang mga tao sa paglihis mula sa Kaniyang sinabing gawin nila, kahit anupaman ito.

Kaniyang binigyan pa nga sila ng batas, “Huwag hipuin, huwag hawakan, huwag tikman.” Hindi lamang dahil sa kasamaan ng paggawa nito, kundi sa kasamaan ng pagsalangsang sa kung ano ang sinabi Niyang gawin. At lagi nang hindi maaaring magkaroon ng batas na walang kaparusahan sa batas. Sapagka't, kung walang kaparusahan, kung ganoon, ang batas ay walang gaanong silbi libang ito'y may isang kaparusahan. Ang batas!

³³ Ngayon, ating nasusumpungan, kung ano ang ginawa nila nang araw na iyon ay para bang may pagkakatulad sa kung ano ang ginagawa natin ngayon, kung ano ang ginagawa ng mga tao sa iglesia.

³⁴ Ngayon ating nakikita ang isang kakaibang bagay dito. Ito ay maaaring kakaiba sa ilang tao, nang Kaniyang sinabi, “Inyong, sila ay, nagsigawa sa ganang sarili nila ng mga balon, mga sirang balon.” Ngayon, marahil ang ilan sa inyo ay hindi nakaaaalam kung ano ang isang balon. Ilan ang nakaaaalam kung ano ang balon? Buweno, halos lahat sa inyo. Kung kayo man ay lumaki sa isang bukid, alam n'yo kung ano ang isang balon. Naaalala kong ako'y nakainom ng sapat na mga insekto sa isa, para—para malaman kung ano ang isang— isang balon.

Nangaral doon sa lalawigan kung saan, sa isang brush arbor, kung saan ika'y magkakaroon ng isang malaking pitsel na puno

ng tubig na galing ng balon na nakalagay roon, mula sa—sa ulan, alam n'yo, at ito ay medyo may katagalan na. At—at pagkatapos ang mga kulisap, sa oras ng gabi, ay papasok dito. At kaya alam ko kung ano ang tubig ng balon.

³⁵ Ang—ang balon ay isang—isang lugar, isang bagay na hinukay sa lupa, para ipalit sa lugar ng isang bukal. Kung saan ang mga tao ay walang bukal, kung gayon gagawa sila ng isang—isang balon. Sa ibang salita, ang isang balon ay lalagyang gawa ng tao o isang balong gawa ng tao na nasa lupa, na hinukay ng tao, upang sahurin ang tubig, para—para gamitin ito. Ang ilan sa kanila'y ginagamit itong panghugas, at ang ilan ay ginagamit itong inuming tubig, at iba't-ibang paraan, marahil. Lahat ng tubig pagkaminsan, na aming dating sinasalok, ay sa isang balon. Dati ay may isa pa ngang lumang bagay na kailangan mong iikot, paikot, paikot, paikot, paikot, upang maitaas ang tubig; may maliliit na timba dito, upang bombahin palabas ang tubig mula sa balon.

³⁶ Buweno, ating napapansin ang isang bagay sa isang balon na naiiba sa bukal. Ngayon, ang balon ay mauubusan. Ang—ang—ang balon ay hindi kayang punuin ang sarili nito. Ito ay—ay. . . Ito'y hindi maaasahan. Ika'y hindi maaring umasa sa isang balon. Ito'y kailangang umasa at magdedepende sa mga ulan na bumubuhos sa tag-init o sa taglamig, sa anuman ito upang. . . Kadalasan, sa panahon ng taglamig kapag ang niyebe at ulan ay dumarating, pagkatapos pinadadaloy nito ang tubig patungo sa balon. At kapagka hindi nito nasalok ang tubig na 'yon, kung gayon kayo—kayo'y walang anumang tubig. Ito lahat—ito lahat. . . ay natutuyo. At hindi nito mapupunong muli ang sarili nito. Ang lumang balon ay hindi magagawang punuin muli ang sarili nito. Nakukuha nitong mapuno mula sa—sa mga ulan na bumubuhos.

³⁷ At gusto kong inyong pansinin ang isa pang bagay tungkol sa isang balon. Kadalasan, inyong nakikita, o ang pamamaraan noon sa aming lugar, ang balon. . . Kadalasan ang kamalig ay mga doble ang laki sa bahay, at kanilang kadalasang pinadadaloy ang tubig sa kamalig, patungo sa balon. Naaalala ko ng husto ang matandang balong iyan doon, kapag siya ay. . . kapag ang—ang mga alulod ay pinaagos ito papasok, din, mula sa kamalig. Ito'y napunong mula sa kamalig.

At pagkatapos ang tubig ay dinadala mula sa bubong ng kamalig; kung saan, lahat ng mga hayop ay tumatapak sa palibot ng bakuran ng kuwadra, at lahat ng dumi ng bakuran ng kamalig namumuo sa itaas ng kamalig, sa mga panahong tuyo. At pagkatapos ang tubig ay dumarating at hinuhugasan nito lahat pababa ng bubong, sa isang alulod na gawa ng tao, pagkatapos sa isang tubo na gawa ng tao, pagkatapos sa isang balong gawa ng tao. At kung hindi ka ba naman magkakaroon ng napakaruming kalalagayan, hindi ko na alam kung anong meron

ka, kung ikaw ay may isang balon. Opo, ginoo! Lahat ito ay gawa ng tao, at sadyang napakadumi.

³⁸ Alam n'yo, dati naming tinatawag... Kami'y may isang panalang basahan sa isa. Alam ba ninyo kung anuman iyon? Kinakailangang maglagay ng panalang basahan dito, para salain ang lahat ng mga kulisap at bagay-bagay na nanggagaling sa itaas ng—ng kamalig, at sa palibot ng lugar, at bumubuhos mula sa isang lugar patungo sa isa pa, patungo sa balon. At dati kaming naglalalagay ng isang—isang panalang basahan dito, para salain lahat ng—ng dumi at basura na masasala. Siyempre, hindi niyan masasagap ang totoong dumi, nasala lamang nito ang malalaking bagay na bumababa at nahuhulog dito. Ang insekto ay maaaring mahulog dito, nguni't ang katas ng insekto ay naihalo sa tubig. Kaya, ikaw—ikaw ay talagang nagkakaroon ng napakaruming kalalagayan kapag ikaw ay may lumang maruming balon.

³⁹ Sa ilang araw, inyong hayaan ang tubig na 'yan na manatili d'yan, at ito'y bumabantot. Hayaan n'yo ang tubig na manatili sa balon, ito ay nagiging mabaho. At ito'y napupuno ng—ng mga palaka, at mga butiki, at mga ahas. At dati naming tinawag itong “kiti-kiti,” maliliit... hindi ko alam kung... Sila'y hindi parasito, sila'y isang... hindi ko, hindi ko alam kung ano ang tawag n'yo sa kanila. Nguni't ilang maliliit na bagay ay napupunta sa tubig, na—na aming tinawag itong kiti-kiti. Alam n'yo kung ano ito. Ilan ang nakaaalam kung ano ang pinatutungkulan ko? Oh, aba, siyempre, lahat kayong mga taga-lalawigan ay nakaaalam. Napupuno ito ng napakaraming dumi, at pagkatapos ang mahihilig sa duming ito ay kasama nito. Sadya lamang itong dumarating, dahil sa ito'y hindi dumadaloy. At dahil hindi ito dumadaloy, pinalalapit nito ang mga hayop doon na gustong-gusto ng maduduming bagay.

⁴⁰ At 'yan ay katulad na katulad ng ating mga simbahan ngayon. Sa palagay ko'y ating iniwan... Isa sa mga napakalaking kasalanan na ginawa ng iglesia ngayon, tulad ng Israel noon, iniwan Siya nito, ang Bukal ng buhay na Tubig, at nagsigawa sa ganang kanilang sarili ng mga balong gawa ng tao. At ito'y naging tahanan ng lahat na gustong-gusto sa ganoong klase ng tubig. Mga butiki, mga palaka, at lahat ng uri ng maruruming mikrobyo, ay nabubuhay dito, dahil sa ito'y isang tangkeng gawa ng tao. At sa tangkeng ito ang mga bagay na ito ay pumipirmi, isang tugmang-tugmang halimbawa ng ating mga denominasyon ngayon.

⁴¹ “Ngayon,” sinasabi mo, “Kapatid na Branham, bakit mo masyadong pinatatamaan ang mga taong 'yan?”

Dapat itong patamaan. Ito'y kailangang patamaan. Lisanin ito, sapagka't ito sa wakas ay bubuo ng tatak ng hayop. Tandaan, 'yan ang Katotohanan! Ito'y magiging ang tatak ng hayop.

Ang denominasyon ay patungo mismo dito. Ito'y patungo na mismo doon ngayon, para magpatupad, sa pamamagitan ng isang kapangyarihan.

⁴² Tingnan sa lumang imperyo ng Roma. Ganiyang-ganiyan ang nanguna sa kanila sa tatak na iyan ng lubusang pagtalikod. Inyong nalaman na walang taong makabibili o makapagbebenta na walang tatak ng hayop. Kailangan niyang taglayin ito.

⁴³ May dalawang uri lamang ng tao na magkakaroon sa ibabaw ng lupa; 'yung mga may Tatak ng Dios, at 'yung mga may tanda ng hayop. Dalawang uri lamang, kaya kailangang ninyong taglayin ang isa o ang iba. Ito'y magiging lubusang pagtalikod, isang—isang tanda ng—ng relihiyon, ganap na tumalikod na relihiyon.

⁴⁴ At ito'y magkakaroon ng isang larawan ng hayop. Habang tayo'y nag-aaral, ating nalaman na ang Roma noon, ngayon, at lagi nang magiging, ang ta- . . . o, ang hayop. Tamang-tama. Wala nang iba pang paraan para makuha ito sa ano pa mang bagay. Roma!

⁴⁵ At ano'ng ginawa ng Roma? Nabago mula sa paganong Roma patungo sa maka-papang Roma, at nag-organisa ng isang sistema, isang pangkalahatang sistema, na pinilit ang bawa't isa sa isang relihiyong 'yan o papatayin.

⁴⁶ At ito'y isang kataka-takang bagay na itong Estados Unidos ay lumitaw sa tagpo, at ito'y parang isang tupa. At ang tupa ay may dalawang maliliit na sungay, sibil at pan-eklesiastikong karapatan. At pagkalipas ng ilang panahon, nang 'yan ay isang tupa, ating nalaman na nagsalita na ito pagkatapos gaya ng isang dragon at ipinatutupad ang lahat ng kapangyarihan na taglay ng dragon bago ito. At ang Biblia ay nagsasabi sa atin na kanilang sinabi, “Tayo'y gumawa ng isang larawan ng hayop.” Ang isang larawan ay isang bagay na gaya ng iba pa. At ating nakikita ngayon mismo na, sa kalagayan nitong tumalikod, ang iglesia ay nagbubuo ng Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesia, na siyang larawan sa kapangyarihan ng Roma; at ipipilit sa mga tao ang siya ring bagay na ginawa ng paganong Roma. . . o ginawa ng maka-papang Roma. Kaya, wala nang iba pang paraan, wala nang iba pang bagay. Nguni't 'yan ang Katotohanan.

⁴⁷ At kaya aking sinasapol ito sa kapanahunan ko, sa aking oras, sapagka't kailangan itong patamaan. Ang pagtawag ay dumating, upang, “Magsilabas kayo sa kaniya, bayan Ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan!”

⁴⁸ Ngayon, aking inihalintulad 'yan sa mga maruruming ito, karumaldumal na mga balon. “Siya ang Bukal ng Buhay. Siya ang buhay na Tubig.” At ang tao'y iniwan Iyan, at naghuhukay para sa kanilang sarili ng mga balon na masasahod lamang ang dumi. 'Yan ang tanging bagay na masasahod

nito. At 'yan ang ginagawa ng denominasyonalismo; sinasagap nito lahat ng bagay na dumarating at gustong makisama. Kanilang pinapayagan itong pumasok kung ito'y may pera o makapagbibihis sa isang moda. Sinupaman sila, saanman sila nanggaling, kanilang isinasama sila, kahit paano.

⁴⁹ Ngayon ating nasusumpungan, muli, na, itong tanda ng hayop na nabuo rito. Ang America, ay, bilang na labintatlo. Ito'y isinilang na may labintatlong kolonya. Ito'y nagkawatawat na may labintatlong bituin, labintatlong guhit. At ito nga ay lumitaw sa Apocalipsis ang ika-13 kabanata. At ang America ay dati nang isang babae, inilalarawan sa ating mga barya. Maging ang ulo ng Indian, sa isang sentimo, ay hugis ng isang babae. Ating nalalaman 'yan, nalalaman ang kasaysayan nito. Lahat, ang Liberty Bell, at lahat ng iba pa, ang kalayaan. . . Statue of Liberty ay, lahat, isang babae. Isang babae; bilang na labintatlo. Kita n'yo? Ngayon, ito'y—ito'y magandang makita ang mga bagay na 'yon.

⁵⁰ At ngayon aking inihula sa pamamagitan ng kapahayagan mula sa Dios, o isang pangitain noong 1933, na pitong bagay ay magaganap bago ang wakas ng panahon. At na, ang isa sa kanila, na, si "Mussolini," na noon ay nagiging diktador, "siya ay magiging diktador. At, gayundin, siya'y lulusob at paroroon sa Etiopia, at sasakupin ang Etiopia. At ang Espiritu, sinabi Nito, 'Siya'y babagsak sa kaniyang hakbang.'"

⁵¹ Ako'y nag-iisip kung mayroon kayang sinuman sa mga datihan na nalalabi pa sa tabernakulo, naaalala ko na sinasabi 'yan sa Redman's Hall sa dako rito nang kami'y nangaral, maraming, maraming taon na ang nakararaan. May isa ba sa gusali, ngayong gabi, nalalabi mula sa dako roon sa lumang Redman's Hall nang ipinangaral ko 'yan, nang kanilang pinalabas ang N.R.A, nang mga panahon pa ng unang termino ni Roosevelt? Sa aking palagay walang isa mang naririto. May isa ba? Oo, Oo, isa, may isa nga. Oo, Gng. Wilson, naaalala ko siya. Ang aking asawa, nakaupo sa likuran. Dalawang nalalabi, mula sa dating henerasyon ng mga iyon nang araw na 'yan.

Na, noong sinabi nila na itong N.R.A. ay ang tatak ng hayop, sabi ko, "Wala sa anuman dito; wala talaga. Ang tatak ng hayop ay hindi magmumula dito. Ito'y magmumula sa Roma. At hindi ito maaaring maging ang tatak ng hayop."

⁵² At ngayon alalahanin na ang mga bagay na ito ay nabanggit. Sabi, "Si Adolph Hitler ay hahantong sa mahiwagang katapusan. At siya ay magdidiklara ng giyera sa Estados Unidos. At sila'y magtatayo ng isang malaking—isang—isang malaking konkretong bagay, na sila nga'y tatahan dito. At doon mismo ang mga Amerikano ay makakaranas ng kalagim-lagim na pagkatalo, dito." At iyon ay ang Siegfried line, labing-isang taon

bago pa ito sinimulang itayo. At pagkatapos sabi, “Nguni’t siya hahantong sa katapusan; at ang Estado ay mananalo sa giyera.”

⁵³ At pagkatapos sabi, na, “May tatlong mga ismo; Nasismo, pasismo, at komunismo.” At sinabi ko, “Silang lahat ay mauwi sa komunismo. Ang Rusya ay sasaklawin itong lahat, sa komunismo.”

⁵⁴ At sinabi ko, “Pagkatapos ang siyensiya ay magiging napakadakila, ang tao ay magiging napakatalino, hanggang sa siya’y makapag-iimbento ng napakaraming mga bagay hanggang sa siya’y gagawa ng isang sasakyan na mukhang itlog, na mayroong tila salaming pang-itaas dito, at ito’y maging kinukontrol ng iba pang lakas kaysa sa manibela.” At sila’y mayroon nang ganiyang kotse.

⁵⁵ At sinabi ko, “Pagkatapos ang moral ng mga kababaihan ay bababa ng bagay na napakababa ng husto, hanggang sa sila’y magiging isang kahihiyang sa lahat ng mga bansa. Sila’y magbibihis ng panlalaking kasuotan. Kanilang patuloy na tatanggalin ang kanilang kasuotan hanggang sa makarating sila na parang nakasuot pa ang kanilang damit na panloob, ’yan lang. At, sa wakas, sila’y magsusuot na lamang ng isang dahon ng igos.”

At kung inyong napansin, sa nakaraang buwan ng *Life* na magasin, sila’y may babae na nakasuot ng mga dahon ng igos. At ’yan ang bagong pang-gabing bestido, o gown, ang kanilang isinusuot sa gabi; malinaw, maaaninag tagus-tagusan dito, tanging ang mga dahon ng igos lamang ay tinatakpan ang isang bahagi ng kaniyang katawan; na walang tali, o tali, walang panaling mga bathing suit, sa bandang taas nito, nakalantad na katawan. At paanong ang mga bagay na ‘yon ay nangyari na!

⁵⁶ Pagkatapos sinabi ko, “Nakita ko ang isang babae na tumayo sa Estados Unidos, gaya ng isang dakilang reyna o isang bagay. At siya’y magandang pagmasdan, nguni’t masama sa kaniyang puso. At kaniyang pinalalakad ang bansa, patungo sa kaniyang paanan.”

⁵⁷ Pagkatapos sinabi ko, “Sa katapusan, Kaniyang sinabi sa akin na tumingin doon sa Silangan muli. At, nang gawin ko, aking nakita, parang, gaya ng, ang mundo ay sumabog. At sinlayo ng aking nakikita, ay walang anuman kundi mga patpat, at—at nagbabagang mga bato ay pinasabog mula sa lupa.”

At ang mga ito ay magaganap bago ang katapusan ng daigdig. At lima sa pito ay nangyari na, sa talumpu’t-tatlong taon. Hayan tayo, pabalik sa panahon ng kawakasan!

⁵⁸ At nangusap ako laban diyen sa maka-denominasyong sistema noon din. At akin pa ring pinaniniwalaan, sa gabing ito, na ito’y isang imbakan ng tubig, na ito’y isang dako kung saan ang karumihan ay dumadaloy dito. Hindi ako makapaniniwala na ang Dios kailanman ay kukunin ang ganiyang bagay sa

Kaniyang Iglesia, dahil sa ito'y dapat ipanganak sa Espiritu ng Dios at pagkatapos malinisan bago ito matatawag na Kaniya. Ang mistikal na Katawan ni Cristo, tayo ay nabautismuhan papasok Dito sa pamamagitan ng bautismo ng Banal na Espiritu.

⁵⁹ Oo, ang ganitong sistema ng balon ay totoong isang ganap na halimbawa ng denominasyon. Ang isang taong matalino ay dapat magmatyag, at kailanman huwag papasok dito, sapagka't ang Dios ay pinatotohanan na sa mga kapanahunan na Siya'y laban dito at hindi kailanman gumawa kasama nito. Anumang grupo. . . Anumang panahon may isang taong lumilitaw na may dalang isang mensahe, gaya ni Luther, ni Wesley, o iba pa, at si Smith, at si Calvin, at sila; nang sinimulan nila ang organisasyon, itinabi ng Dios ang bagay sa lagayan at hindi na kailanman ito dinalaw na muli sa isang rebaybal.

⁶⁰ Tingnan sa kasaysayan. Wala kailanmang isang panahon na ang Dios ay kumuha ng isang denominasyon, gumawa ng isang rebaybal sa pamamagitan nito, wala kahit saan. Sa gayon, sa kasaysayan at sa pamamagitan ng Biblia, pinatotohanan na ito'y maruming bagay sa paningin ng Dios, kaya ayaw kong magkaroon ng anumang kinalaman dito. At 'yan ay kung bakit ako'y laban. Aking sinisikap na ilabas ang mga tao mula dito.

⁶¹ Tayo ay inanyayahan, gaya sa Israel, gayundin ito ngayon, na tumingin sa Israel sa mga halimbawa. Sila, hangga't sila'y nananatili kasama ng niyaong Bukal, sila'y nasa mabuti. Nguni't nang nagsipaggawa sila sa kanilang mga sariling balon, mga sistemang gawa ng tao, sa gayon ang Dios ay iniwanan sila. Kaniyang gagawin sa atin ang ganoon din. "Kanilang iniwan Siya, ang Bukal ng buhay na Tubig." Iyan ang mga reklamo ng Dios laban sa kanila. "Na gumawa ng isang bagay na kanilang masasabing, 'Kita n'yo kung ano ang nagawa namin!'"

⁶² Ngayon, nang sa panahon ng—ng paglalakbay ni Moises; nang ang Dios, sa pamamagitan ng biyaya, ay binigyan sila ng isang propeta, ay binigyan sila ng isang Haliging Apoy na mangunguna sa kanila, pinagtibay Ito sa pamamagitan ng mga tanda at mga himala. Biyaya ay nagkaloob ng lahat ng mga ito. Ang Israel ay naghangad pa rin, nakita ang batas. Kanilang tinanggihan ang biyaya, upang piliin ang batas.

Iyan ay katulad na katulad ng mga ginagawa ng mga tao ngayon. Kanilang tinatanggi ang Salita, para piliin ang maka-denominasyong sistema, sapagka't diyan kanilang magagawa ang gusto nila at mapapalampas ito. Nguni't hindi ninyo ito magagawa kay Cristo! Ika'y kailangang lumapit na malinis at dalisay, upang mapasa kay Cristo.

⁶³ Iniiwan ang balon na bukal, para sa isang sistemang gawa ng tao o balon, maiisip ba ninyo ang isang taong gumagawa niyan? Mailalarawan ba ninyo ang mga kalagayan sa kaisipan ng taong

makakainom sa isang sariwang balon na bukal, at iiwan iyan para sa isang balon na gawa ng tao na may mga palaka, at mga butiki, at mga kiti-kiti, at ang lahat na dito?

Ito'y parang hindi man lang makatwiran, nguni't 'yan ay eksakto kung ano ang ginawa ng mga tao. Kanilang iniwan ang Salita, ang tunay na Bukal na pinagmumulan ng Dios at Kapangyarihan, para uminom mula sa mga balon, at magsigawa ng kanilang sariling mga balon. Pareho ng ginawa nila noon, kanilang ginawa ito ngayon. Sinasabi nila . . .

Sabi Niya, "Kanilang iniwan Ako." Dito Kaniyang sinabi, dito sa Jeremias 2:14 o 13, dapat sana. Sinabi Niya, "Kanilang iniwan Ako, ang Bukal ng buhay na Tubig."

⁶⁴ Ngayon, ating nakita kung ano ang isang balon. Ating nakita kung ano ang nasasahod nito. Ating nakita kung paano ito ginawa. Ito'y isang bagay na gawa ng tao na nanggagaling sa isang maruming bubong. Ang tubig na bumubuhos, bumabagsak sa isang maruming bubong, at hinuhugasan lamang nito ang bubong, pinadadaloy pababa sa isang alulod na gawa ng tao, patungo sa isang tubo na gawa ng tao, patungo sa isang tanke na gawa ng tao. At lahat ng dumi ay nagtitipon-tipon doon, at ang—ang mga mikrobyo, at ang mga butiki, at mga palaka, at mga bagay-bagay ng lupa, tulad niyan. At, pansinin, sila ay ang maruruming hayop; mga kiti-kiti, mabantot. Ang kiti-kiti ay hindi mabubuhay sa malinis na tubig. Kung gagawin nito, ito'y papatay sa kaniya. Kailangang siya'y nasa tubig na hindi-umaagos.

⁶⁵ At ganiyan ang nangyayari sa marami sa mga parasitong ito ngayon. Hindi kayo maaaring mabuhay sa sariwang tubig ng Banal na Espiritu. 'Yan ang dahilan na matigas ang kanilang paninindigan laban sa Salita, at sinasabi, "Ito'y sinasalungat ang sarili Nito. Walang anumang bagay Dito." Dahil sa sila ay kailangang magkaroon ng isang parang lawang hindi dumadaloy na pagkakawagan. Tama.

Ganiyan din sa mga palaka, at sa mga butiki, at sa mga butete, at mga ganiyan. Kailangang nilang mapunta sa latian o sa di-dumadaloy na lawa, upang mabuhay, dahil sa ito ang kanilang kalikasan na mabuhay doon. At hindi mo maaaring baguhin ang hayop hangga't iyong baguhin ang kalikasan nito.

At hindi mo magawa ang isang tao na makita niya ang Salita ng Dios hangga't ang kalikasan niya ay nabago; at kapag ang kalikasan niya ay nabago mula sa kung ano siya, tungo sa isang anak ng Dios, at ang Banal na Espiritu ay pumasok sa kaniya. Ang Banal na Espiritu ang sumulat sa Salita ng Dios!

⁶⁶ Sa araw na ito ako ay nakipag-usap sa aking mabuting kaibigan, si Doktor Lee Vayle, na naririto ngayon. At siya'y tunay na teologo, at kaya kami ay madalas na nagkakaroon

ng ilang—nagkakaroon ng ilang napakagandang talakayan sa Kasulatan. Napakatalino.

At kaniyang tinanong sa akin minsan kung ano sa palagay ko ang tungkol sa paunang katibayan ng Banal na Espiritu, “Ito ba ay pagsasalita ng iba’t-ibang wika?” Ito’y marami nang taon ang lumipas.

Sabi ko, “Hindi; di ko makita ’yan.”

Sabi niya, “Maging ako man,” sabi, “kahit na ako’y naturuan niyan.” Sinabi niya, “Ano sa palagay mo ang magiging isang katibayan?”

⁶⁷ Sabi ko, “Ang pinakasakdal na katibayan na naiisip ko ay pag-ibig.” At kaya kami ay nagtalakayan diyan.

At pagkatapos aking naisip na napakagandang pakinggan niyan kaya pinaghawakan ko lamang iyan, “Kung ang isang tao ay may pag-ibig.”

Nguni’t isang araw ang Panginoon, sa isang pangitain, ay itinuwid ako. At Kaniyang sinabi, na, “Ang katumayan ng Espiritu ay yaong makatatanggap ng Salita,” hindi alinman sa pag-ibig, kahit na pagsasalita sa iba’t-ibang wika, kundi ito’y ang pagtanggap sa Salita.

⁶⁸ At pagkatapos si Doktor Vayle ay nagsasabi sa akin, na, “Iyan ay batay sa Kasulatan,” sabi niya, “sapagka’t, sa Juan 14, si Jesus ay nagsabi, ‘Kung Siya ang Banal na Espiritu ay dumating sa inyo, Kaniyang ihahayag ang mga bagay na ito sa inyo, na Aking itinuro sa inyo, at ipakikita sa inyo ang mga bagay na magsisidating.’”

Kaya hayan ang tunay na katibayan ng Banal na Espiritu! Hindi pa Siya kailanman nagsabi sa akin ng anumang bagay na mali. Iyan, “Ito ay ang katibayan ng Banal na Espiritu, ay siya na makapananampalataya sa Salita.” Iyong matatanggap Ito.

Dahil, si Jesus kailanman ay di-nagsabi, “Kung ang Banal na Espiritu ay dumating, kayo’y mangungusap sa iba’t-ibang wika.” Hindi Niya kailanman sinabi, ang Banal na Espiritu ay dumating, inyong gagawin alinman sa mga bagay na iyon. Nguni’t sinabi Niya, “Kaniyang kukunin itong mga bagay na sa Akin at ipakikita sila sa inyo, at ipakikita sa inyo ang mga bagay na darating.” Kaya hayan ang tunay na katibayan ng Banal na Espiritu, sang-ayon kay Jesus Mismo.

⁶⁹ Kaya lahat ng mga sensasyong ito at bagay-bagay na taglay ng mga tao at kinabubuhayan pa rin, inyong nakikita kung bakit nila ginagawa ito. Kita n’yo, ito ay nagiging denominasyon, o isang lawang di-umaagos, at hindi kailanman magkakaroon ng isang denominasyon na ginawa sa di-...sa sakdal na Salita ng Dios. Hindi nito magagawa, sapagka’t hindi ninyo maaaring organisahin o gawing denominasyon ang Dios. Hindi, po!

⁷⁰ Ang dahilan na ganoon ito, kayo ay kukuha ng isang grupo ng mga tao na mapaniniwalaan ang Salita, hayaan silang pasimulan ang isang organisasyon. Ang unang bagay na inyong mapag-aalaman, sa loob ng isang taon ay mayroon nang isang lupon na mga Ricky doon na wala kang magawa na hindi sila kasama. Sila'y may hawak, at wala ka nang magagawa tungkol diyan. Ito'y hindi sistema ng Dios. Hindi ito, kaya alam natin na ang bagay na iyan ay taliwas. Ito'y nagiging isang balon, at nagiging isang lugar kung saan bawa't isa ay nakikipagkasundo sa *dito*, *doon*, o sa *iba pa*, para makakuha ng mga miyembro diyan, o hayaang makapasok ang mga tao.

⁷¹ Ating nalaman, ang sistemang ito ay nagsimula minsan, doon sa mga kaarawan ng mga Israelita, nang kanilang hinuhukay ang mga balong ito. At may isang lalaki at isang grupo ng mga Fariseo na humukay ng ilang balon. At may tao silang nagngangalang Herod, at siya ay isang proklamador, gobernador ng estado.

At siya ay pumaroon upang pakinggan ang isang lalaki na hindi nakikipaglukohan sa kanilang denominasyon. Siya ay isang propeta. At walang propeta ang nagkaroon ng anumang kinalaman sa isang denominasyon, kundi kinapootan ito. Ang propetang ito ay nagsimulang magsabi, "Huwag kayong mangagpasimulang magsabi sa inyong mga sarili, 'Si Abraham ang siya naming ama,' sapagka't sinasabi ko sa inyo na makapagbabangon ang Dios sa mga batong ito ng mga anak ni Abraham."

⁷² At nagdala sila ng isang opisyal para pakinggan siya. At itong opisyal ay kinuha ang asawa ng kaniyang kapatid mula sa kaniya, at pinakasalan siya. At ano'ng ipinamukha ng lalaking iyon sa kaniya at sinabi? Inakala nilang siya'y makikipagkompromiso, at sasabihing, "Ngayon, ginoo, ikaw, ikaw ay may napakainam na upuan banda *rito*. At ikaw ay kailangan na... ako'y lubhang nagagalak ika'y naririto upang pakinggan ako sa araw na ito."

Si Juan ay lumakad lamang patungo sa kaniyang harapan, at nagsabi, "Hindi matuwid sa iyo na ariin mo siya." Ang pinakaunang bagay na sinabi niya, hiniyawan niya siya para sa kaniyang kasalanan.

⁷³ Kita n'yo, ang mga denominasyon ay gumagawa ng maruruming lawa kung saan maaaring ang lalaki makisama sa kababaihan, at silang mga kababaihan ay makapagpatuloy, at pinuputulan ang kanilang buhok, at nagsusuot ng syorts, at anupamang mga bagay, at tinatawag ang kanilang sariling mga Kristiyano.

Nguni't ang isang tunay na Bukal, aleluya, ng Kapangyarihan ng Dios, hindi ito makapananatili doon, dahil sa Ito ay itinutulak ito palabas. "Ako ang Bukal ng buhay na

Tubig. Kanilang iniwan Ako, upang magsihukay sa kanilang sarili ng mga balon.”

⁷⁴ Ngayon, isang bukal ng buhay na tubig, ating nalaman, ano ang bukal ng buhay na tubig? Atin nang nalaman kung ano ang balon, ngayon ano naman ang bukal ng buhay na tubig? Ito’y isang balon na bukal.

“Isang balon na bukal, ano ’yan, Kapatid na Branham?”

Ito’y isang bukal na sa tuwina ito’y nagmumula sa ilalim at itinutulak ang tubig nito papalabas. Ito’y dumadaloy sa lahat ng panahon. Ito’y may sariling panustos. Laging sariwa at malinis, ang balon na bukal, isang bukal ng buhay na tubig. Ito’y hindi patay at mabantot. Ito’y buhay, ito’y walang tigil na nagbabago, nagdadala ng tubig na palaging bago, patuloy sa paggalaw, nagmumula sa pinagkukunan nito. Ito’y kumukuha ng panustos nito mula sa—mula sa kailaliman nito, na isang. . . isa pa ring bukal ng buhay na tubig na bumubulwak pataas. May sariling panlinis; ito’y malinis, dalisay, malinis na tubig. Ito’y may sariling panustos; hindi mo na kailangan pang hintayin ang mga ulan upang punuin ang tanke nito. Ito’y laging nag-uumapaw, nagbibigay ng kanyang tubig na libre. Hindi mo na kailangan pang bombahin ito, paikutin ito, pilipitin ito, o paaanibin ito. Ito lamang ay isang bukal ng tubig na buhay.

⁷⁵ Alam n’yo, inyong kunin ang mga lumang balong ito, kailangan n’yo pang ikasa ito at ikasa ito at ikasa ito, at bombahin at lahat na, para makakuha ng kaunti niyang maruming tubig palabas. Huh!

Nguni’t ang isang Bukal ng buhay na Tubig ay ibinibigay Ito, libre, hindi na binobombahan, pinagsasapian, anupamang iba. Oh, ako’y nagagalak para sa Bukal na iyan! Opo, ginoo!

⁷⁶ Ito’y hindi na nangangailangan ng panala Dito, para tanggalin ang mga parasito. Sapagka’t, Ito’y nagmumula sa pinakakailaliman, doon sa Bato, hanggang sa walang mga parasito doon.

Ito ay hindi na kailangang magkaroon pa ng edukasyonal na panala na nakabitin Dito, ’yan ay tama, isang gawa ng makamundong sistema ng gawa ng taong maka-denominasyon na kaalaman; para sabihin sa inyo, sa harapan ng isang espesyalista sa sakit sa isip, kung kayo’y maaaring mangaral o hindi. Wala itong isa man sa mga maruruming basahang ’yon na nakabitin Dito. Itutulak nito ito kaagad-agad pagkalagay n’yo nito diyan. Hindi ninyo magagawa ito. Ang bukal na iyan ay nag-uumapaw, sa tuwina. Kayo’y maglagay ng isa sa kanilang mga basahan dito, itutulak nito ito direktso sa isang panig o sa kabilang panig. Wala itong panahon para sa isang denominasyonal na basahan dito.

⁷⁷ Ito’y hindi nangangailangan ng piltro, wala nang salaan, wala nang pagbobomba, wala nang paghahaltak, wala nang iba

pa. Ito'y nandoon lang, nag-uumapaw. Ito'y hindi na kailangang umasa pa sa mga lokal na ulan upang punuin ito. Ang *mga ulan* ay mga “rebaybal,” kung saan ang Bukal na iyan . . . Iyan ay sa Bukal ng Buhay na 'yan. “Kung saan naroon ang Bangkay, ang mga aguila ay mangagkakatipon.” Hindi na ninyo kailangang magbomba ng isang rebaybal; wala na kayong kailangan pang bombahan. Ang tanging bagay na kailangan ninyong gawin ay pumunta lamang sa Bukal. Ito'y laging puno ng mainam, sariwang tubig, at wala Itong katapusan. Ito ay lagi lamang na nag-uumapaw.

⁷⁸ Hindi na ninyo kailangang magtungo pa sa balon, at sabihin, “Buweno, kung uulan at mahuhugasan ang kamalig, kami'y may maiinom.” Kita n'yo? Naku, naku! Hindi ito. Ang balon na bukál na iyan ay naglalabas ng mainam, malamig na tubig sa tuwina. Kayo ay makaaasa dito. Hindi na ninyo kailangang sabihin, “Buweno, ako'y pupunta dito sa lumang balon. Kami ay dati nang umiinom mula rito, nguni't hindi na umulan nang matagal na panahon. Sasabihin ko sa inyo, ito marahil ay tuyo na.”

⁷⁹ Ganiyan ang nangyayari sa ilan sa mga sistema na iyan na gawa ng tao. Ikaw ay makapapasok, kung ikaw ay may isang malaking bagay na ginagawa, isang malaking grupo ng pagbebenta ng isang bagay, o—o isang uri ng bagay na ginaganap, isang malaking pagtitipon at bagay-bagay na nagaganap, mga larong bunco, at mga kasiyahang pagtitipon sa silong, at lahat na, inyong masusumpungang marahil na punong-puno ang bahay.

Nguni't kung saan kayo'y pumupunta kung saan ang Bukal na iyan ay nag-uumapaw, lagi, ang mga tao ay naroon sumasalok ng mainam, malamig na inuming tubig. Kayo ay maaaring magtiwala Dito! Sabihin, “Sila ay hindi nagkaroon ng rebaybal sa loob ng sampung taon.” Kung kayo ay mamumuhay sa tabi ng Bukal na iyan, Siya ay laging may nagaganap na rebaybal.

⁸⁰ Tulad ng sinabi ng munting lalaki na taga Wales. O, minsan nang sila'y may ginaganap na Welsh rebaybal, may ilang mga mataas na tao mula sa Estado. Ilan sa mga dakilang Doktor ng Dibinidad na ito ay nagtungo sa Wales, para malaman kung saan at kung ano ang lahat ng ito nakapatungkol. Kaya sila'y nakasuot ng kanilang mga nakapalikod na mga kwelyo, at ang kanilang mga sumbrerong natatatakan, at sila ay naglalakad sa kalsada.

At narito paparating ang isang munting pulis, iniikot-ikot ang kaniyang maliit na lumang batuta sa kaniyang kamay, sumisipol, “Down at the cross where my Saviour died, down there for cleansing from sin I cried; there to my heart was the Blood applied, glory to His Name,” naglalakad sa kalsada.

Kaya sabi nila, “Ito ay mukhang isang relihiyosong tao. Tanungin natin siya.”

At kanilang sinabi, “Ginoo!”

Sabi, “Opo, ginoo?”

Sabi niya, “Kami ay naparito mula sa Estados Unidos. Kami’y isang lupong tagakatawan. Kami’y naparito upang siyasatin ang Welsh rebaybal, na tinatawag. Kami’y mga Doktor ng Dibinidad, at naparito kami upang tingnan ito.” Sabi niya, “Gusto naming malaman kung saan ang rebaybal, at kung saan ito idinadaos.”

Sabi niya, “Ginoo, kayo’y nakarating na. Ako po ang Welsh rebaybal.” Amen! “Ang Welsh na rebaybal ay nasa akin. Dito ay kung nasaan ito.”

⁸¹ Ganiyan ito kapag kayo ay namumuhay sa tabi niyang Bukal ng buhay na Tubig. Ito’y nabubuhay sa tuwina, nag-uumapaw ng patuloy at patuloy, at patuloy at patuloy. Wala Itong katapusan. Hindi, “Humayong tingnan kung may ilang tubig, kung tayo ay nagkaroon ng ulan dito hindi pa katagalan,” Hindi ganiyan ito. Ito’y ang Bukal ng buhay na Tubig na iyan. Gaya ng sinasabi ko, Ito ay nagbibigay ng Kanyang Tubig na walang bayad.

⁸² Hindi na kayo kailangan pang maglagay ng basahan Dito, upang malaman; ilang pang-edukasyon na mga basahan, bago mo siya maisugo para mangaral, at tingnan kung kaniyang binabaybay ang mga salita niya ng tama, binibigkas silang tama, kung ginagamit niya ang kaniyang mga pangngalan at panghalip, at iba pa, at pang-uri. Marami sa kanila ay hindi man lang alam kung ano sila, nguni’t siya’y nabubuhay sa Bukal nang gayon pa rin, kita n’yo, hindi nagbabago.

⁸³ Hindi nito kailangang umasa sa pampook na mga ulan, para punuin ito, o ang mga lokal na rebaybal, para dito. Hindi nito kailangang gawin ’yan, dahil ang Kapangyarihan nito at ang kadalisayan nito ay nakapaloob mismo dito. Diyan ay kung saan naroon ang Salita, ang Sarili Nitong Kapangyarihan! Kapag ang isang tao ay matatanggap Ito sa kaniyang puso, Ito’y nagtataglay ng kadalisayan Nito. Ito’y nagtataglay ng kapangyarihan Nito. Ito’y nasa Salita Mismo, inilalabas ang Buhay.

⁸⁴ Ang Israel ay mapapalayo mula Rito, sila ay mapupunta sa kaguluhan. Sa tuwing sila’y napapalayo mula Rito, sila ay napupunta sa kaguluhan.

Gayundin sa ating ginagawa ngayon. Kapag ang rebaybal ay lumayo Diyan, kung gayon ito’y wala nang kabuluhan. Ito ay naghuhukay sa kaniyang sarili ng ilang balon, at, o ilang maruming balon, at hayun na ito.

⁸⁵ Nguni’t lagi Niya silang tinutulungan. Ang pagrereklamo sa Pulang Dagat, pagkatapos nang sila ay nagbulung-bulungan. . . . Gayunman, sa lahat niyan, Kaniyang ipinangako, binigyan sila

ng isang pangako. Kaniya na dapat silang pinabalik mula roon mismo, sa pananaw natin sa kalagayan na iyon; nguni't Kaniyang ipinangako na dadalhin sila patawid doon.

Ano ang Kaniyang ginawa? Silang mga anak ng Israel, Kaniyang ipinagkaloob sa kanila ang Haliging Apoy at lahat, bilang isang pagpapatibay, ang kanilang propeta. At kanilang pinangunahan sila patungo doon sa dagat. At, lagi, may kaguluhan laban Dito. At narito paparating ang Faraon at kaniyang sandatahan. At alam n'yo kung ano ang ginawa ng Dios? Kaniya lamang binuksan ang pulang iyang, di-dumadaloy na balon.

Ang Patay na Dagat ang pinakapatay na bagay sa mundo. Ito'y talagang patay. Ito'y di-dumadaloy. Walang mabubuhay dito.

At Kaniyang binuksan ito at pinalaya sila, sa kabilang panig. Kaniyang inilagay sila kung saan sila'y hindi na maaaring igapos ng ganiyang bagay.

⁸⁶ Sa ilang, kanilang nalaman na ang mga tanke ay hindi maaasahan; sila'y tuyo na. Nasumpungang, sila'y nagpapalipat-lipat mula sa isang hukay ng tubig patungo sa iba pa. Nang sila'y nasa ilang, nangauhaw sila na halos mamatay, para sa isang inuming tubig. At sila ay paroroon sa tankeng ito banda rito, isang lawa; natuyo na ito. Sila ay pumunta sa isa pang dako; ito ay natuyo na. Sadyang hindi nila maisip kung saan sila makakuha ng mainom.

At pagkatapos sa pinaka di-inaasahang dako sa lahat ng disyerto, kanilang natagpuan ang tubig. Ito ay nasa isang bato. Ito ay nasa isang bato. Ang pinaka di-inaasahang lugar na makasusumpong ang isang tao ng anumang tubig, ay sa isang tuyong bato sa gitna ng disyerto. Nguni't, nakita n'yo, ang Dios ay gumagawa ng ganiyang mga bagay. Sa pinaka di-inaasahang lugar, sa pinaka di-karaniwang paraan. Ganiyan lagi ang nangyayari sa atin.

⁸⁷ Akala nila kailangang magkaroon ka ng malaking maka-denominasyong pagtitipon, nagsasama-sama, at hayaan silang lahat na magkatipon-tipon at magkaroon ng napakakapal na karamihan, at iba pa, at kuning makipagtulungan ang libo-libo, at lahat gaya *nito*, para magkaroon ng rebaybal.

Kung minsan ang Dios ay pipiliin ang munting matandang lalaki na hindi man lang alam ang kaniyang mga ABC, at kalagitnaan mismo ng grupo ng mga taong mangmang na halos di-malaman ang kanilang kanang kamay sa kaliwa, Siya'y makapagbabangon ng isang rebaybal na yayanig sa mundo. Kaniyang ginawa nang panahon ni Juan. Kaniyang ginawa nang panahon ng mga propeta. Wala sa kanila, gaya ng nalalaman natin, ay nakapag-aral, nguni't ang Dios ay mahahawakan sila at makagagawa ng isang bagay sa pamamagitan nila.

⁸⁸ Sa Batong ito ay lumabas ang mga tubig. Siya ay ang Bato. At Kaniyang inutusan ang Batong ito, at kinakailangang hampasin. At Siya ay nagbigay ng saganang dalisay, sariwa, malinis na tubig sa bawa't isa na iinom. Kaniyang iniligtas lahat ng iinom mula Rito. Isang tugmang-tugmang pagtutulad sa Juan 3:16.

... Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa buong sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, . . . sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan,

⁸⁹ Ang Dios ay hinampas ang Batong iyan, sa Kalbaryo. Ang ating kahatulan ay inilagay sa Kaniya, upang mula sa Kaniya ay dumating ang Espiritu ng Buhay na magbibigay sa inyo at sa akin ng Buhay na Walang hanggan. Iyan ay isang ganap na talinghaga Nito, diyan sa ilang na ito.

⁹⁰ Hindi na nila kailangan pang humatak, maghukay, magbomba, o anumang bagay; makibahagi lamang sa Kaniyang inilaang paraan, nang malaya. Bagaman, hindi na nila kinailangang hukayin ito sa isang lawa. Hindi na nila kinailangan hilain ito sa isang timba. Hindi na nila kailangan ng pang-salok para makuha ito. Kanila lamang kailangang uminom dito.

At iyan lamang ang gagawin ngayon. Wala kayong kailangang aniban. Hindi ninyo kailangang lumuhod sa altar at gumawa ng isang bagay, bobombahin pa ito. Hindi na ninyo kailangang banggitin ang isang salita ng paulit at paulit at paulit, hanggang sa kayo'y malito sa wika. Ang tanging bagay na inyong kailangang gawin ay makibahagi lamang sa Kaniya, nang malaya, ang inilaang paraan ng Dios. Wala nang pagbobomba, wala nang pagtutulak, wala na; kumuha lang Dito, na may kalayaan. Wala ka nang kailangang gawin; uminom lamang Dito. Iyon ay, sampalatayanan lamang Ito. Iyan lang ang masasabi ko dito.

Hindi nila kinailangang gawin ang anumang bagay para dito. Hindi kailanman kinailangang humukay para dito. Hindi nila kinailangang lumuhod at umiyak buong gabi, para dito. Sila ay uminom lamang nito; ito ay hinampas na at nakahanda. 'Yan ay tama.

⁹¹ Ako'y nakatingin sa isang lalaki ngayon, nakaupo sa likuran ng silid dito. Aking naaalalang sinabi sa kaniya na, sa isang lumang kulungan sa kamalig isang araw, sa tabi ng isang sabsaban.

At sabi niya, "Nguni't walang mabuti sa akin."

⁹² Sabi ko, "Alam ko iyan." At sabi ko, "Ako'y hindi, rin." Nguni't sinabi ko, "Ika'y nakatingin sa kung ano ka. At itigil ang pagtingin sa kung ano ka, at tumingin sa kung ano Siya."

Sabi niya, “Kung akin lamang maaalis ang mga sigarilyong ito, Kapatid na Branham, ako—ako—ako ay magiging isang Kristiyano.”

⁹³ Sabi ko, “Huwag mo silang alisin. Ika’y nagpupumilit na maging mabuti at pagkatapos lalapit sa Kaniya. Siya ay hindi naparito upang iligtas ang mabuting tao; Siya ay pumarito upang iligtas ang masamang tao na nalalamang sila’y masama.”

Sabi niya, “Buweno. . .”

Sabi ko, “Makinig, ayaw mong mapunta sa impiyerno, gusto mo ba?”

Sabi niya, “Hindi.”

⁹⁴ Sabi ko, “Buweno, hindi mo kailangan. Siya ay namatay upang hindi ka na kailangang pumaroon.”

Sabi niya, “Ano ang kinakailangan kong gawin?”

Sabi ko, “Wala. Ganoon lang ito kadali.”

Sabi niya, “Pero kung magagawa ko lamang. . .”

⁹⁵ Sabi ko, “Hayan ka, bumabalik ka na naman sa sigarilyong ’yan. Itigil mo ang pag-iisip tungkol sa sigarilyong iyan. Alalahanin lang, isipin ang tungkol sa Kaniya, at kung ano ang Kaniyang ginawa, kung ano Siya; hindi kung ano ka. Walang mabuti sa iyo; at ika’y dati nang hindi naging mabuti, at kailanma’y hindi magiging mabuti. Pero, kung ano Siya, Siya Lang!” At sinabi ko, “Ngayon, ang tanging bagay na dapat mong gawin; kung Kaniyang kinuha ang lugar mo doon, iyo lang taos-pusong tanggapin kung ano’ng ginawa Niya. Ang tanging bagay na kailangan mong gawin ay tanggapin lamang ito.”

“Aba,” sabi niya, “Madali ’yan. Gagawin ko ’yan.”

⁹⁶ Sabi ko, “Heto ang sapa.” Kita n’yo? Dinala ko siya dito at binautismuhan siya sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Ang ilan sa kaniyang mga kamag-anak ay nakaupo rito, at aking—alam kong sila’y nakaramdam ng kakatwa sa akin sa paggawa niyan, pero alam ko kung ano ang ginagawa ko. Nakita ko sa tao ang isang bagay na tunay. Nakikita ko ito doon, at dinala ko siya at binautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.

At, nang aming gawin iyan, hindi pa katagalan pagkatapos niyan hanggang sa ako ay nagtungo sa bahay ng kaniyang anak na lalaki. Kami’y nakakita ng isang—isang pangitain ng isang puno na nababali sa isang lugar, at ang lalaki ay nahulog, kamuntik na nabali ang kaniyang likod. Dinala siya sa ospital. At nang gabing iyon ang Panginoon ay inihayag, sa akin, iyan ang katapusan sa sigarilyo.

Kaya nang sumunod na araw gusto niya ng ilang sigarilyo. Sabi ko, “Bibilhan ko siya ng isang karton at dadalhin sa kaniya. Inyo lamang masdan at tingnan, ang mga araw ng kaniyang

paninigarilyo ay tapos na.” Siya’y hindi na humitit ni isa mula noon, at ayaw na ni isa mula noon. Dios!

⁹⁷ Kita n’yo, ang unang bagay na dapat ninyong gawin ay pumunta sa Bukal na iyon. Kayo’y kailangang magtungo sa Tubig na iyon, mapagtanto na ito’y bagay na walang kayong magagawa. Ito’y kung ano ang ginawa Niya para sa inyo. Hindi ninyo kailangan maghukay; hindi ninyo kailangang magbomba; hindi ninyo kailangan itigil *ito*; hindi ninyo kailangang itigil *iyon*. Ang tanging bagay na dapat ninyong gawin ay pumunta roon at uminom. Iyan lang. Kung kayo’y nauuhaw; uminom!

⁹⁸ Ngayon, Siya ang Bato. Ang Dios ay hinampas Siya para sa atin, at Siya ay naglabas ng saganang dalisay, malinis na tubig. Kaniya pa ring ginagawa, sa araw na ito, sa bawa’t isa na maniniwala. Ito ang Kaniyang biyaya, mangyari pa, sa Kaniyang bayan, tayo.

⁹⁹ May isang bagay gaya doon, na tulad ng mga tao sa araw na ito, handang tanggapin ang maaring makukuha nila, nguni’t ayaw magbigay ng anumang paglilingkod bilang kapalit. Ang Israel ay nakahanda na—na uminom mula sa bato ngayon, nguni’t ayaw nilang ibigay sa Dios ang Kaniyang paglilingkod na nararapat para sa Kaniya.

¹⁰⁰ At Kaniya tayong laging pinaglilingkuran. Alam n’yo, tayo ay hindi man lang makahihinga kung wala Siya. Tayo ay hindi makakahinga kung wala ang paglilingkod ng Dios. Ganiyan tayo kadeponde sa Kaniya. At, gayunpaman, halos mabibiyak tayo kapag pinipilit nating gumawa, may gagawing isang bagay para sa Kaniya. Kaniyang pinakikiusapan tayo na gawin ang isang bagay, makipagkita sa isang tao, manalangin para sa isang tao, tumulong sa isang tao, tayo’y halos mabibiyak, para gawin ito. Nguni’t ayaw nating gumawa ng anumang bagay sa Kaniya bilang paglilingkod.

¹⁰¹ Ang Kaniyang reklamo ay, “Kanilang iniwan Ako, ang Salita; at tinanggap ang isang sirang balon, sa halip. Tanggapin. . . Kanilang iniwan Ako, ang Bukal ng Buhay, ang Bukal ng Tubig ng Buhay; at kanilang ninanasa at mas gugustuhing uminom sa maruming balon.” Maiisip ninyo ba iyan?

¹⁰² Maiisip n’yo ba ang isang tao ngayon, na, *narito* ang isang balon na bukal na naglalabas niyang mainam, tubig na limestone, galing mismo sa kaloob-looban ng mga bato, sa ilalim doon sa mga buhangin, at iba pa, sadyang napakalamig at napakainam; at mas nanaisin pang uminom mula sa isang balon sa dako roon, na humugas sa itaas ng kamalig, at ng mga silungan, at lahat ng labas ng mga gusali sa palibot ng lugar? At malalagay ito sa mismong balon na iyan doon, kung saan ang tagas ng tubig ay umaagos papasok doon, mula sa kamalig, sa mga kuwadra at mga kulungan, at lahat na ay umaagos doon sa

balon, at pagkatapos ay gusto nating tanggap- . . . ay iinom mula riyang bago tutungo sa balon na bukal? May isang bagay na mali sa pag-iisip ng tao. ‘Yan ay tama.

¹⁰³ At kapag ang isang lalaki o isang babae ay maninindigan sa isang denominasyon, na papayagan ang pagpuputol ng buhok, pagsusuot ng syorts, pag memeyk-ap, lahat nitong iba pang uri ng bagay, at ilang munting parang isang—isang programa, at lahat ng itong pagpapatuloy, at makakapunta pa sa mga bowling alley, at—at lahat ng walang kabuluhang iyan doon, at makapananatili sa ganiyan; at mas gusto pa iyan kaysa kanilang gustohin ang makalumang Salita ng Dios na pumuputol at naglililok, at ginagawang mahihinhin ang mga kababaihan, at kinukuha at pinagdadamit sila ng tama at pinakikilos ng tama, inaalis ang mga sigarilyo at tabako, at panunumpa at pagmumura, at pagsisinungaling at pagnanakaw, papalayo sa inyo, at lahat ng sanlibutan paalis sa inyo, at binibigyan kayo ng isang Bagay na isang sakdal na kasiyahan. Bakit ang isang lalaki o isang babae ay magtungo sa ganiyang bagay gaya niyan para maaliw? Paano kayo maaaliw sa ganiyan?

¹⁰⁴ Paano kayong makaiinom ng sariwang inumin mula sa isang maruming balon? Bakit magagawa ng isang tao. . . Kung ang isang tao ay pumupunta sa isang maruming balon para makainom, kung mayroon namang isang bukas na balon na bukal, masasabi ninyo, “May isang bagay na hindi tama sa pag-iisip ng taong iyan.”

At kung ang isang babae o isang lalaki ay nagtungo sa ganiyang lugar upang makasumpong ng kaaliwan, may isang espirituwal na bagay na mali sa taong iyan. Ayaw nila ang Salita. Ito ay nagpapakita na ang kanilang kalikasan ay isang palaka pa rin, o isang butete, o isang bagay, ‘yan ay tama, isang bagay ng ganiyang kalikasan na gusto iyang maruming lawa, dahil ang silang uri ng mga bagay ay hindi mabubuhay sa isang sariwang-Tubig na lawa. Hindi nila kayang gawin ito; ito’y sariwang-Tubig. Hindi nila magagawa ito.

¹⁰⁵ Ngayon, ang reklamo ay, “Kanilang iniwan Ito.” At ngayon kanila ring ginawa ang ganon ding bagay.

Ngayon tingnan ang babae sa may balon. Buweno, siya ay dumating sa balon ni Jacob, at siya ay sumasalok ng tubig doon palagi, sa balon ni Jacob. Nguni’t ang balon ni Jacob, denominasyon, ating matatawag ito, ‘pagkat siya ay humukay ng tatlo sa kanila; at ang isang ito ay kaniyang hinukay. Ngayon, siya ay may napakagandang kwento. Sinabi niya, “Ngayon, ang aming ama ang humukay sa balong ito, si Jacob. Siya ay uminom dito, at ang kaniyang kawan ay uminom dito, at lahat. Hindi pa ba ‘yan sapat?”

¹⁰⁶ Sabi niya, “Nguni’t ang tubig na sinasalok mo diyan, ika’y muling nauuhaw, kailangang bumalik dito para kunin ito.

Nguni't," sabi, "ang Tubig na Aking ibinibigay sa iyo ay isang Bukal, isang Bulwak na bumubuga mula sa kaloob-looban, at ika'y hindi nagtutungo rito para salukin Ito. Ito mismo ay kasama mo."

¹⁰⁷ Pansinin. Nguni't nang kaniyang natuklasan na isang Bukal na nasa Kasulatan ay nakipag-usap sa kaniya, sa pamamagitan ng isang tandang nasa Kasulatan na hinahanap niya, kaniyang iniwan ang maka-denominasyon na sistema ni Jacob at hindi na kailanman bumalik doon muli, sapagka't nahanap na niya ang tunay na Bato. Kita n'yo? Siya ay tumakbo sa siyudad. Siya ay tapos na sa kasalanan. Siya ay hindi na isang maruming babae. Sabi niya, "Magsiparito kayo, tingnan kung Sino ang nasumpungan ko, isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng mga bagay na aking ginawa. Mangyayari kayang ito ang Cristo mismo?" Siya. . . Ang balong iyan ay maaaring ayos lang; ginampanan nito ang layunin nito. Ngayon siya ay nasa tunay na Bukal. Ang balon ay naging ayos lang hanggang sa ang tunay na Bukal ay bumukas. Nguni't nang ang tunay na Bukal ay dumating, ang balon ay napawalang-bisa. Kaniyang nasumpungang may isang mas mainam na dakong mapag-iinuman.

¹⁰⁸ At may higit na mainam na dako. May isang mas mainam na dako, at 'yan ay nakay Cristo. Sa San Juan 7:37 at 38, sinabi ni Jesus, sa pagwawakas ng pista ng mga tabernakulo, "Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa Akin, at uminom."

Silang lahat ay nagsasaya. Sila ay may kaunting wisik ng tubig na lumalabas mula sa ilalim ng dambana, at—at doon silang lahat ay uminom mula dito, sa pagdiriwang, sa—sa pista. At sabi, "Ang aming mga magulang ay uminom mula sa ispirituwal na bato sa ilang." Kita n'yo, sila ay nagsigawa sa kanilang sarili ng mga balon, ilang mabantot na tubig na kanilang binomba mula kung saan, at iwiniwisik sa ilalim ng templo doon. At silang lahat ay palilibutan ang tubig na ito at iinom, at sasabihin, "Marami nang taon ang nagdaan, ang ating mga magulang ay uminom sa ilang."

Sinabi ni Jesus, "Ako ang Batong iyon na nasa ilang."

Sabi, "Kami ay kumain ng manna mula sa Langit, at ang Dios ay pinaulan ito."

¹⁰⁹ Sabi, "Ako ang Manna na iyon." Siya, ang Bukal na iyon, ay nakatayo sa kalagitnaan nila. Ang Tinapay ng Buhay na iyon ay nakatayo sa kalagitnaan nila.

At gayunman ayaw pa rin nila Ito. Mas gusto nila ang kanilang balon; sapagka't, tao ang may gawa *nito*, at ang Dios ay isinugo Iyan. Iyan ang eksaktong kaibahan. Nagsihukay nang kanilang sariling mga balon!

¹¹⁰ Sabi niya, "Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa Akin, at uminom." Siya ang Bukal na iyon.

At gaya ng sinasabi ng Kasulatan, “Mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng Tubig ng buhay.” Oh, Siya ang balon na bukal na iyon! “Mula sa loob niya, o kaloob-looban, ay aagos ang mga ilog ng Tubig ng buhay.

¹¹¹ Siya ang Batong iyon na nasa. . . Na Bato ni Hagar, sa panahon ng kabagabagan; nang ang kaniyang anak ay halos mamamatay na, nang siya ay pinalayas sa kampamento, at nasa dako doon kasama ng munting si Ismael. Ang kaniyang tubig, na nasa kaniyang banga na daladala niya, ay naubusan na. At kaniyang inilapag ang munting si Ismael; at yumaon, na ang layo ay isang hilagpos ng pana, at umiyak, at, oh, dahil sa ayaw niyang makitang mamatay ang bata. At bigla-bigla, ang Anghel ng Panginoon ay nagsalita, at kaniyang natagpuan ang Beer- . . . Beer-seba, ang—ang bukal doon na umaagos, at umaagos pa rin hanggang sa araw na ito. Siya ang Beer-Beerseba ni Hagar, Bato doon sa ilang.

¹¹² Ito ay nakatayo dito sa Bukal na puno ng Dugo, nang araw na iyon, nakatayo doon sa templo, [Blankong bahagi ng teyp—Pat.] . . . panahon ng bagyo. Sa Zacarias ang ika-13 na kabanata, Siya ay ang Bukal na iyon na binuksan sa bahay ni David, para sa paglilinis, at para sa (kasalanan) paglilinis ng kasalanan. Siya ang Bukal na iyon. At sa Mga Awit 36:9, Siya ang Bukal ng Buhay ni David. Siya pa rin ang Bukal na iyon sa bahay ni David.

At Siya ay ang sa manunula, nasa kaniyang puso doon. Sabi ng manunula:

May isang Bukal na puno ng Dugo,
Nagmumula sa mga ugat ni Emmanuel,
Kapag ang mga makasalana’y lumublob sa
baha,
Lahat ng mantsa ng kanilang kasalana’y
nawawala.

Siya iyang Bukal ng Buhay, Bukal ng Tubig. Siya ang Salita ng Dios.

¹¹³ Ang mga tao sa huling mga araw ng ito ay tinalikuran Siya, ang tunay na Salita, Tubig ng Buhay; at nagsigawa ng kanilang sariling mga maka-denominsayon na balon; at, muli, nagsigawa, nagsihukay!

¹¹⁴ At ngayon ating nalaman, sila ay nagkaroon ng mga sirang balon. At pagkatapos ang balong ito ay puno ng mga kawalang pananampalatayang mikrobyo, mga kawalang pananampalatayang pagyayabang, mga edukasyonal na palatuntunan, at iba pa, na salungat sa mga pangako ng Dios. Sila’y mga mapag-alinlangan sa Salita.

¹¹⁵ Ngayon, ang mga balon na ito na taglay nila, ang sabi ng Biblia, ay mga “sira.” Ang *sirang* balon ay isang “tumatulo” na balon, at ito’y tumatagas. Anong ginagawa nito? Ito’y tumatagas

patungo sa isang relihiyosong lawa na tinatawag na World Council of Churches. At 'yan ay kung saan ang sirang balon ay dinadala sila, dahil lamang sa iniwan nila Siya, at nagka . . . ang Bukal ng buhay na Tubig; at gumawa ng mga balong ito.

¹¹⁶ Humuhukay ng malaking mga sistema ng seminaryo ng kaalaman, edukasyon, at iba pa. Ganiyang uri ng mga balon na kanilang hinuhukay ngayon, na ang isang tao ay kailangang mayroon ng Ph.D., o ng L.L.D., o ng Batsilyer sa Sining, o isang bagay, bago siya makapangaral man lang. Mga balong pinuno na ng teolohiyang gawa ng tao. Kanilang dinadala sila sa itong mga napakalalaking mga paaralan ng kaalaman, at doon kanilang itinuturo sa kanila ang sarili nilang mga teolohiyang gawa ng tao, at kanilang isinusugo sila na taglay iyan. Anong araw ang ating kinabubuhayan, mga balong gawa ng tao! Walang kaguluhan ang . . . Hindi kataka-taka ang bagay ay naging isang—isang mabaho, oh, naku, ito'y dahil sa ang mga tao ay umiinom mula diyan.

¹¹⁷ At kapag ang mga tao'y gusto ng kagalakan ngayon, ano ang kanilang ginagawa? Ang mga tao, kaysa tanggapin ang kagalakan ng Panginoon, sila ay bumabaling sa kasalanan, para sa kasiyahan. Mga taong nagtungo sa simbahan at inaangkin na mga lingkod ni Cristo, kapag sila ay talagang ninenerbiyos sila'y magsisindi ng sigarilyo. At kapag sila—kapag gusto nila ng—ng kaunting kasiyahan, kanilang isusuot ang mga malalawang damit nila at lalabas at puputul ng damo kung kailan ang lalaki ay nagdaraan, para kanilang sipulan sila. Kanilang ginagawa lahat ng bagay para maging tanyag. Gusto nilang maging kamukha ang mga artista sa pelikula. Iyan ang kanilang kasiyahan.

Bagaman, sabi ni Jesus, “Ako ang kanilang kasapatan.”

Ang dahilan na sila ay pumupunta diyan, dahil ayaw nilang uminom mula sa Bukal na iyan. Kanila Itong tinanggihan. Ayaw nilang uminom Dito. Sila ay nakikisama sa isang uri ng sistema na gawa ng tao, parang isang balon na puno ng lahat ng uri ng mga maruruming bagay, na makapananatili sila sa ganiyan.

¹¹⁸ Kahapon, aming isinama ang mga bata sa ilog. Sa palagay ko 'yon ay Sabado ng umaga. Kami'y nagtungo; si Billy ay nangingisda sa bangka. At aming isinama ang mga bata doon, ang maliit kong apo at sila, ang anak kong babae, at ang maliit kong anak na lalaki, at kami ay nagtungo sa ilog para—para sumakay sa bangka. Hindi ka man lang makapamangka sa ilog, dahil sa ang mahahalay, marurumi, masagwang mga tao doon sa ilog, kalahating hubad at nagpapatuloy pa. May isang bangka ay nagtungo sa tabi namin, isang pangkat ng maliliit na labindalawa-, labing-apat na taong gulang na mga batang lalaki, bawa't isa ay may lata ng serbesa sa kanilang kamay, at sigarilyo. Kanilang tinatawag iyang “pagkakatuwaan.” Oh,

naku! Gaano pa katagal makapananatili ang mundong ito, sa isang sistemang gaya niyan?

¹¹⁹ Pagkatapos para pawalan ang kanilang sarili sa mga kaisipan na kapag sila ay namatay sila'y tutungo sa impiyerno, ang bagay na kanilang ginagawa, sila ay paroroon at makikianiib sa isa sa itong mga balong gawa ng tao. Kaya ang parehong uri ng mga tao ay kabilang sa balong iyon. Ito'y walang anuman kundi isang bungkos ng marurumi, karumaldumal na mga kiti-kiiti ng mundo. At kanilang iniuugnay ang kanilang mga sarili diyan sapagka't, gaya ng dating sinasabi ng aking matandang ina, "Ang mga ibong magkakapareho ang balahibo ay nagsasama-sama." Ayaw nilang pumunta sa Bukal at maging malinis mula sa buhay na makasalanang na iyan. Gusto nilang mamuhay sa labas doon, at panghawakan pa rin ang patotoo na sila'y mga Kristiyanos. Bakit? Kanilang tinalikuran Siya, ang tunay na Bukal ng kagalakan, Buhay, sakdal na Buhay at kasiyahan. Iyan ang dahilan na ginawa nila ito, sapagka't nais nilang makianiib. Sila ay may mga ilang tao doon na naniniwala sa ganiyang mga bagay.

¹²⁰ Dito hindi pa gaanong katagalan, si Kapatid na Fred at ako, at si Kapatid na Tom, isang grupo kami ay nagpunta sa isang kilalang iglesia ng Baptist sa lungsod ng Tucson, upang tingnan kung kami ay makasumpong ng isang munting bagay na magbibigay ng marahil medyo sariwang pakiramdam. At ang ministro ay nagsabi ng isang bagay na kaiba tungkol sa mga tao sa Ehipto, nang sila ay umalis kumakain sila ng bawang at iba pa, gusto nilang bumalik muli at kumain niyan. Sabi, "Iyan ay isang bagay na gaya ng mga tao sa panahong ito."

At, kami, lahat ay nagsabi, "Amen!" Hindi pa ako nakakita ng ganoong grupo! Ang buong iglesia ay naalis ang paningin sa mangangaral at tumingin sa likod para tingnan kung sino ang nagsabi ng "amen." Para ba silang mamamatay sa takot. Hindi nila nalalaman kung ano ito.

Nang, si David nagsabi, "Magkaingay na may kagalakan sa Panginoon. Purihin Siya sa mga alpa! Purihin Siya sa mga awit! Papurihan ng bawa't bagay na may hininga ang Panginoon. At purihin ninyo ang Panginoon!" Ang Dios ay nagagalak sa Kaniyang bayan. Hayaan silang mga naturuan, ay magsabi, "Amen," kapag ang anumang bagay ay sinabi ng tama.

¹²¹ Bakit hindi bumaling mula sa sistemang ito at mga balon ng mundo, tungo sa tapat na sistema ng Dios, na siyang balon na bukhal, si Jesus Cristo? Bakit hindi kayo bumaling sa Kaniya, kung saan ang Dios ang ating saganang panustos ng kagalakan, ang ating saganang panustos sa mga papuri, ang ating saganang panustos sa kasiyahan? Ang kahinahunan ng aking nerbiyos ay nagmumula sa Dios.

Kapag ako'y naliligalig, aking nasusumpungan ang kasiyahan ko kay Cristo, hindi sa isang sigarilyo, hindi sa mga bagay ng mundo, hindi sa pakikisama sa isang kredo; kundi sa pagkasumpong sa Kaniya, ang ipinangakong Salita na Kaniyang sinabi, "Kung ako'y aalis, Ako'y muling paririto upang tanggapin kayo." Ako'y nakasusumpong ng aking kagalakan riyon. Siya ang aking Kagalakan.

¹²² Kanilang sinasabi ngayon, sa pamamagitan ng pakikianib sa mga bagay na ito at sa pagtatatag nitong World Council of Churches, na sila'y gagawa ng isang mas magandang lugar na mapamumuhayan. Sa aking tapat na opinyon, sila'y gagawa ng isang mas mainam na lugar na pagkakasalahan. Iyan lang. . . Ang kabuuang bagay ay kasalanan, kahit paano; hindi para pamuhayan, kundi para pakamatayan. Gagawa ng lugar nito para pagkasalahan—pagkasalahan, imbes na pamuhayan.

¹²³ Anupamang ibang bagay, labas kay Jesus Cristo at ng Kaniyang Salita ng Buhay, ay isang sirang balon. Anumang bagay na nagpipilit na palitan Ito; anumang bagay na sinisikap ninyong gawin para magdulot sa inyo ng kapayapaan, anumang bagay na sinisikap ninyong gawin upang magbigay sa inyo ng kaginhawahan, anumang uri ng kagalakan na inyong natatanggap mula sa iba pang bagay, bilang isang pang-halili para Dito, ito'y isang sirang balon na puno ng karumihan. Siya ay nagbibigay ng lubos na kasiyahan.

¹²⁴ Aking naaalala rito, ilang tag-init na ang nakalipas, ako ay lumabas sa likurang pinto. May isang batang snicklefritz na naroon na nagsabi sa akin, sabi, "Alam mo, ang dahilan na lagi kang nangungusap tungkol sa mga kababaihan gaya niyan, pasusuot ng syorts at bagay-bagay," sabi niya, "dahil ika'y matanda nang lalaki." Sabi, "Iyan ang dahilan na ganiyan."

Sabi ko, "Tingnan mo. Ilang taon ka na ba?"

Sabi, "Beinte-siete."

¹²⁵ Sabi ko, "Nang ako ay mas bata ng maraming taon pa kaysa sa iyo, akin nang ipinangaral ang gayon ding bagay."

Ako'y nakasumpong ng isang Bukal ng kasiyahan. Siya ang aking bahagi. Amen! Hangga't Kaniyang ibinibigay iyan, 'yan ang kagandahan. 'Yan—'yan ang aking. . . Iyan ang aking sining, ay ang pinagmamasdan Siya, pinagmamasdan ang gawa ng Kaniyang kamay at tingnan kung ano ang ginagawa Niya. Wala nang iba pang bukal na alam ko!

Oh, napakahalaga ng daloy
Na ginagawa akong sinputi ng nieyebe;
Wala nang iba pang bukal ang alam ko,
Wala na kundi ang Dugo ni Jesus.

May isang Bukal na puno ng Dugo,
 Nagmumula sa ugat ni Emmanuel,
 Kapag ang mga makasalana'y lumublob sa
 baha,
 Lahat ng mantsa ng kanilang kasalana'y
 nawawala.

¹²⁶ Sinasabi ko sa inyo, wala nang iba pang bukal na alam ko kundi ang Bukal na iyon. Nilinis ako Nito nang ako ay marumi. Ako'y pinananatili nitong malinis, dahil gusto kong mamuhay mismo Dito, inumin ang sariwang Tubig na ito na pumupuno sa aking kaluluwa ng kagalakan.

Ako'y maaaring maging napakalumbay, at maramdaman na ako'y halos hindi na makapagpapatuloy...ng isa pang ikot, hindi na makapupunta pa kung saan; kung gayon ako ay makaluluhod at maituturo ang aking daliri sa isang pangako, at sasabihing, "Panginoong Dios, Ikaw ang aking kalakasan. Ikaw ang aking kasiyahan. Ikaw ang aking lahat-lahat." Ako ay magsisimulang makaramdam ng isang Bagay na nag-uumapaw mula sa kaloob-looban ko roon. Ako ay nakalalabas dito.

¹²⁷ Sa paglampas ko sa gulang na limampung taon, ako'y magigising sa isang umaga, alam n'yo kung ito'y paano, hindi ninyo halos mailabas ang isang paang iyan mula sa higaan. Naku, halos hindi mo ito magawa; at may isang nasa pinto, kumakatok, o si Billy na nagsasabi sa akin na may di-inaasahang pangyayari, sa isang dakong kailangan kong puntahan. At iniisip ko, "Paano ko magagawa ito?" Susubukang ilabas ang isang paa.

Iniisip ko, "Ikaw ang Bukal na puno na aking kalakasan. Amen! Ang aking lakas at aking saklolo ay nagmumula sa Panginoon. Ikaw ang aking balon na bukal! Ikaw ang aking kabataan! 'Silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas; sila'y paiilanglang na may mga pakpak na parang mga aguila, sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila'y magsisilakad, at hindi manganghihina.' Panginoong Dios, ito ang aking tungkulin, para humayo. Ako'y tinawag sa lugar ng tungkulin." At ang unang bagay alam n'yo, Isang bagay ay nagsimulang lumaguklok sa loob ko.

¹²⁸ Nang nakaraang araw, doon sa isang maliit na dako, ako'y nagdaraos ng isang gawain doon sa Topeka, Kansas; may isang batang lalaki, isang batang mangangaral, isa sa aking mga unang tagapagtaguyod. Si Kapatid na Roy, na nakaupo rito, ay naaalala ang lugar. Dito, sa napakagandang lugar na ito doon, may isang—isang...Ang ministrong ito ay naparoon sa ilalim ng isang bubong o isang lugar, ang dingding ay nadaganan siya sa ilalim niyan. Ang munting lalaki ay mamamatay. Ang atay niya ay sumabog. Ang pali niya ay naalis sa kinalalagyan. Tone-tonelada ang nahulog sa kaniya.

129 Ako ay naupo sa agahan, nakikipag-usap sa may-bahay. Sabi ko, “Kabiyak, alam mo, kung si Jesus ay narito, alam mo kung ano ang gagawin Niya?” Sabi ko, “Nang itinaguyod niya ako, ‘ako ay naniniwala sa Salitang iyan,’ kaniyang itinataguyod si Cristo.” At sinabi ko, “Yan ay pandaraya ng diablo.” Sabi ko, “Kung si Jesus ay narito, Kaniyang ipapatong ang mga banal Niyang kamay sa kaniya. Ang batang ‘yan ay gagaling. Wala akong pakialam kung ang kaniyang atay ay sumabog. Siya ay gagaling, dahil sa si Jesus ay lalakad papunta roon na nalalaman kung talagang Sino Siya. Kaniyang alam ang pagkatawag niya, ang mga Kasulatan ay tama, pinagtibay sa Kaniya na alam Niya kung Sino Siya, at hindi isang. . . wala ni anino ng pag-aalinlangan. Kaniyang ipapatong ang kamay Niya sa kaniya, at sasabihin, ‘Anak, gumaling ka,’ lumabas ka na riyan.” At sinabi ko, “Walang sapat na mga diablo sa impiyerno na makapapatay sa batang iyan, kung gayon.” Sabi ko, “Siya ay gagaling.” Pero sabi ko, “Nakita mo, giliw, Siya si Jesus, ang banal na mga kamay ng Dios.”

Sabi ko, “Ako’y isang makasalanan. Ako ay ipinanganak sa seksuwal na kapanganakan. Ang aking ama at ina ay kapuwa mga makasalanan, at ako lamang ay isang walang kabuluhan.”

At sabi ko, “Pero alam mo kung ano? Kung ang Panginoon ay bibigyan ako ng pangitain at ipadala ako doon, kung gayon iyan ay magiging iba.” Sabi ko, “Ako’y pupunta roon at ipapatong ang aking mga kamay sa kaniya, siya’y babangon sa higaang iyan kung bibigyan Niya ako ng pangitain.”

130 Pagkatapos ako ay napa-isip, “Gayunman, kung iyon ay ang pangitain, ano iyon? Iyon ay siya ring maruruming kamay na ipapatong sa kaniya, uh-huh, siya ring taong nananalangin para sa kaniya, siya ring maruruming kamay.”

Pagkatapos ako ay nagsimulang mag-isip, “Ako ang kaniyang kinatawan. Kung gayon, hindi ako ang nakikita ng Dios. Iyang Dugo ng Isang matuwid na iyan ay nakalagay doon sa altar; ito’y namamagitan para sa akin. Siya ang aking kasapatan. Siya ang aking panalangin. Siya ang aking Buhay.” Sabi ko, “Ang tanging bagay na maaaring makapagpapapatong ng aking kamay sa kaniya, na may pananampalataya, dahil sa ako ay may pananampalataya sa pangitain. At kung wala ang pangitain, ang siya ring pananampalataya ay gagawa ng gayon ding bagay; kaya aking maituturing wala nang halaga ang aking sarili, kundi ibilang Siya na lahat-lahat ko. Siya ang aking Buhay. Siya ang Taga-atas sa akin. Walang denominasyon na nagsugo sa akin; Siya ang nagsugo sa akin. Aleluya! Ako ay humahayo sa Kaniyang Pangalan. Aking ipapatong ang kamay ko sa kaniya.” Nagtungo ako roon at nagpatong ng kamay sa batang iyon, at nang gabing iyon siya ay nasa pagtitipon, magaling na magaling. Amen!

¹³¹ Oh, oo, Siya ang Bukal na iyon. “Wala nang iba pang bukal na alam ko. Wala na kundi ang Dugo ni Jesus!” Ako’y isang hindi kaibig-ibig, ako’y isang rebelde, bawa’t isa sa atin ay ganoon, nguni’t sa harapan ng Dios tayo ay sakdal. Si Je- . . . “Kayo nga’y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa Kalangitan na sakdal.” Paano kayo magiging gayon? Sapagka’t ang Isang sakdal ang kumakatawan sa atin doon. Ang Bukal na iyan ay naroon bawa’t araw, sariwa. Hindi isang bagay na marumi, kundi sariwa sa bawa’t araw, na humuhugas sa lahat ng kasalanan ko. Siya ang Bukal na iyon.

¹³² Ngayon sa pagtatapos, maaari kong masabi ito. Anumang bagay na iba Rito ay mga sirang balon, at sa bandang huli ay tatagas kung ano ang inilalagay ninyo rito; kung inyong inilalagak lahat ng inyong pag-asa, lahat ng inyong panahon, at lahat ng bagay, sa isa sa mga maruruming balon na iyan. Sabi ni Jesus na sila ay mga sirang balon. Sabi ng Dios, “Sila’y sira, at kanilang itatagas ang bawa’t ano man ng inyong inilagay sa kanila.” Ikaw ay walang anumang maabot na kasama sila, ‘pagka’t sila’y tatagas. Dahil sa Siya ang tanging daan patungo sa Katotohanan, patungo sa Buhay, at patungo sa Walang Hanggang kagalakan, at Walang Hanggang kapayapaan. Siya ang Nag-iisa at ang tanging daan patungo Doon. Oh, naku!

¹³³ Ang di-nauubos na Bukal ng Buhay ay si Jesus Cristo. Bakit? At Sino Siya? Ang Salita, ang siya rin; ang Salita, ang Buhay, ang Bukal, “siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Ang tunay na mananampalataya, Ito’y ang kaniyang sukdulang kaligayahan, kaniyang sukdulang Buhay. At kaniyang sukdulang kasiyahan ay na kay Cristo. Wala nang pagbobomba, wala nang paghahatak, wala nang pagsasapi, wala nang pagkakalag; pananampalataya lamang at pamamahinga. Iyan ay kung ano Siya sa sumasampalataya.

¹³⁴ Tulad ni amang Abraham; hindi siya kailanman humatak, hindi siya kailanman nabagabag, hindi siya kailanman nag-alala. Nasa kaniya ang Salita. Siya ay nahimlay sa dibdib ni El Shaddai. Nang si Abraham ay isang daang taong gulang, ang Dios ay nagpakita sa kaniya, at nagsabi, “Ako ang Makapangyarihan sa lahat.” Ang salitang Hebreo ay *El Shaddai*, nangangahulugang, “ang Isang may Dibdib.” “At ikaw ay matanda na, at ang iyong lakas ay wala na, nguni’t mahimlay lamang sa Aking dibdib at susuhin ang iyong lakas mula sa Bukal na ito.” Amen! Patungo sa ano ba ang sinuso niya mismo? Isang bagong katawan. Kaniyang nakamit ang anak, sa pamamagitan ni Sarah. At, pagkalipas ng limampung taon, ay nagka-anak pa ng pito sa isa pang babae.

¹³⁵ Oh, El Shaddai! Ang Lumang Tipan ay ipinakikita kung ano ang Kaniyang ginawa, ang Bagong Tipan ay nagsasabi kung ano ang Kaniyang gagawin. Amen! Sa Lumang Tipan . . .

¹³⁶ Ngayon namatay na ang aircon, kaya ako'y magmamadali at hihinto dito ngayon, sa isang minuto lamang.

Gusto kong sabihin ito bago ako magsara. Ako'y may isang magandang halimbawa nito minsan. Ako noon ay nagpapatrolya. At maraming tao rito... Doon palibot sa Georgetown, doon sa Milltown, dati ay mayroong, doon sa mga burol, isang bukal. Ito ay isang balon na bukal. Ito ay nagbubuga ng mga isang—isang apat- o limang talampakang sibol ng tubig, bumubulwak lamang palagi, at isang napakalaking bukal sa may banda roon. At mismong sa palibot nito ay maraming ganito ritong pennyroyal, alam n'yo, at bagay na tumutubo doon, na parang mint. At, oh, ako dati ay sadyang nauuhaw na makarating doon, oh, naku, na makarating sa bukal na iyan. At ako'y mahihimlay sa tabi ng bagay na ito at uminom at uminom lamang, at uupo at iinom, maghihintay.

At taon-taon ako'y nagtutungo pa rin sa siya ring bukal na ito. Hindi ito kailanman huminto, taglamig o tag-araw. Hindi nila mapagyeyelo ito. Hindi ninyo mapagyeyelo ang isang balon na bukal. Oh, hindi! Oh, hindi! Wala akong pakialam kung gaano—kung gaano kalamig, hindi nito mapagyeyelo iyan. Inyong mapagyeyelo ang isang balon; isang maliit lamang na namuong hamog ay magagawa iyan. Kita n'yo?

Nguni't anumang bagay na kumikilos, may Buhay dito, ito'y kumikilos palibot. At hindi ninyo mapagyeyelo ang balon na bukal. Kahit na gaano pa kalungkot ang espiritu sa palibot ng lugar, ang Bukal na ito ay laging buhay. Mabuhay sa Bukal na iyan.

¹³⁷ At aking napansin doon, ako ay nagtutungo sa tabi at ako'y iinom dito, at, oh, naku, sadyang sariwang tubig! Hindi kayo kailanman kailangang mag-alala, “Ano kaya, kung ako ay makaparoroon, ano kaya kung ito ay tumigil sa pag-agos?” Ito'y dati nang umaagos. . .

¹³⁸ Ang isang matandang magsasaka ay nagsabi sa akin, sabi, “Ang aking lolo ay uminom mula rito.” At sabi, “Ito'y hindi kailanman nabawasan o wala. Ito'y siya pa ring dating bukal, dumadaloy papunta mismo sa Blue River doon.”

¹³⁹ Naisip ko, “Oh, naku, anong inam na lugar para salukan ng tubig!” Ako'y lalakad ng mga isang milya mula sa daan, upang makarating sa dakong iyon, dahil sa ito ay napakainam na dako na mapag-iinuman. Oh, gaano kasarap ang tubig na iyon! Oh, naku!

Ako'y—ako'y pumaparoon sa disyertong iyon, Arizona na ngayon, ako ay nag-iisip pa rin tungkol dito, “Ang kamangha-manghang bukal na iyan doon, kung ako lamang ay makahihimlay diyan!”

Tulad ng sinabi ni David minsan, “Oh, kung magawa ko lang na minsan pang makaiinom mula sa bukal na iyon!” Kung siya lamang ay makatutungo roon!

¹⁴⁰ At ako ay naupo isang araw, at ako ay nagkaroon ng isang munting kakatwang bagay na nangyari sa akin. At sinabi ko, “Ano ba ang nagpapasaya sa iyo sa tuwina? Sana ako ay maaring maging masaya gaya niyan. Aba, hindi kita kailanman nakitang malungkot, mula nang ako ay nagtutungo rito. Walang isa mang malungkot na bagay tungkol sa iyo.” Sabi ko, “Ikaw ay laging puno ng kagalakan. Ika’y tumatalon at nag-uumapaw at nagpapatuloy pa. Taglamig o tag-araw, malamig o mainit, anuman ito, ikaw ay laging puno ng kagalakan. Ano ang dahilan na ikaw . . . ? Ano, ano ito? Dahil sa ako ay umiinom sa iyo?”

“Hindi.”

Sabi ko, “Buweno, siguro ang mga kuneho ay umiinom sa iyo, at gustong-gusto mo ito.”

“Hindi.”

Sabi ko, “Buweno, ano ang nagpapaumapaw sa iyo tulad niyan? Ano ang nagpapasaya sa iyo ng husto? Ano ang nagpapagalak sa iyo palagi ng labis-labis?” Sabi, “Ito ba ay dahil na—na ang mga ibon ay umiinom sa iyo?”

“Hindi.”

“Dahil ako ay umiinom sa iyo?”

“Hindi.”

Sabi ko, “Buweno, anong nagpapagalak sa iyo ng labis-labis?”

¹⁴¹ At kung ang bukal na iyon ay makapagsasalita pabalik sa akin, kaniyang sasabihin ito. “Kapatid na Branham, hindi dahil sa ikaw ay umiinom; pinahahalagahan ko iyan, at dahil sa ako ay nagkapagbibigay para sa mga ibon. Ako ay nagbibigay para sa kaninuman na magnais na uminom. Ang tanging bagay na kailangan mong gawin ay pumarito at uminom. Nguni’t, kung ano ang nagpapasaya sa akin, ito ay hindi ako na nag-uumapaw, ito’y isang bagay na nasa loob, na nagtutulak sa akin. Ito’y isang bagay na pinag-uumapaw ako.”

¹⁴² At ganiyan ito sa isang buhay na puspos ng Espiritu. Gaya ng sinabi ni Jesus, Siya ay nasa . . . Kita n’yo, Binibigyan Niya kayo ng mga balon ng tubig na bumubukal tungo sa Buhay na walang hanggan, isang artesiyo, nag-uumapaw na sibol na umaagos nang walang-tigil. Kahit pa ang lahat na ibang iglesia ay nasa itaas o nasa ibaba, ika’y nasa Balon pa rin na iyan.

Bakit ninyo tatanggapin ang isang lumang maka-denominasyon na sistema at balon, puno ng mga parasito, at lahat na ng bagay, at iinom palibot sa ganiyang maruming

bagay, kung kayo'y inanyayahan sa isang Bukal, isang Balon na bukal?

¹⁴³ Iniisip ko kung paano ito sadyang bumulwak, at naitisa, at—at lumaguklok, at humalakhak, at nagalak, at tumalon, at natuwa. Malamig, maulan; mainit, tuyo, bagaman lahat ng iba pa sa bansa ay natutuyo, ito ay nag-uumapaw gaya ng lagi na nitong ginagawa. Dahil ito ay malalim, nagmumula sa kailaliman, mula doon sa mga bato ito ay lumalabas.

¹⁴⁴ Oh, hayaan akong mabuhay sa tabi ng Sibol na iyan! Kunin na lahat ng inyong mga sistemang gawa ng tao na gusto ninyo, lahat ng inyong lumang maruruming balon, nguni't hayaan akong pumaroon sa . . . o maruruming mga balon. Nguni't, hayaan akong magtungo sa Bukal na ito, hayaan akong pumaroon doon kung saan Siya ay sadyang puno. Siya ang aking Kagalakan. Siya ang aking Ilaw. Siya ang aking—Siya ang aking Kalakasan. Siya ang aking Tubig. Siya ang aking Buhay. Siya ang aking Tagapagpagaling. Siya ang aking Tagapagligtas. Siya ang aking Hari. Lahat ng aking pangangailangan ay masusumpungan sa Kaniya. Bakit ko pa gugustuhin na magtungo pa sa iba?

¹⁴⁵ Kapatid na lalaki, kapatid na babae, hindi ka ba lalapit sa Bukal na ito ngayong gabi? Maaari ka ba, kung ika'y hindi pa napunta doon, maaari mo bang tanggapin Ito ngayong gabi habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo?

¹⁴⁶ Mga sirang balon, tumutulo, tumatagas, ang mundo ay tumatagas dito, dumi mula sa mga kamalig at noon pang ibang mga araw. Bakit hindi ang Posong ito, na ang mga duming iyan ay hindi makapananatili, ang dakilang Bukal na ito na puno ng Dugo, na nagmumula sa mga ugat ni Emmanuel? Bakit hindi ninyo tanggapin iyan sa gabing ito? Nawa ang Dios ay tulungan tayo sa gabing ito, dito sa tuyo, nauuhaw na lupain. Tulad ng sinabi ng propeta, “Siya ang Bato sa isang kinapapagurang lupain.” Siya ang Bukal na iyon. Maaari ba kayong lumapit sa Kaniya sa gabing ito, sa inyong mga puso, habang tayo ay nananalangin?

¹⁴⁷ Mahal na Makalangit na Ama, wala nang iba pang Bukal, gaya ng tumutugtog na musika, “No other fount I know; nothing but the Blood of Jesus.” Ako ay ipinanganak doon, ako'y pinalaki doon; nais kong mamuhay doon, at mamatay doon, at bumangong muli doon, sa Kaniyang Presensiya. Sa tuwina, Panginoon, hayaan akong suma-Kaniyang Presensiya, sapagka't wala nang iba pa akong nalalaman. Walang kredo, walang pag-ibig, walang pag-ibig kundi si Cristo, walang kredo kundi si Cristo, walang aklat kundi ang Biblia, wala nang iba pa, walang kagalakan labas sa Kaniya. Kunin Siya sa akin, O Dios, wala na sa akin kung gaano pa karami sa mundo ang aking pagmamay-ari, ito—ito pa rin ay patay, ako'y magpapalaboy-laboy na ang

mga kamay ay nakataas sa aking ulo. Aalisin Siya sa akin, ako'y wala na, Panginoon. Nguni't hayaan Siyang sumaakin, kung gayon ang Disyembre ay singanda ng Mayo, kung gayon wala nang mga maiinit na dako at wala nang tuyong mga dako, maging ang kamatayan mismo ay wala nang pananagumpay. Hayaan kaming makamtan Siya, Ama. Ibigay Siya, ng sagana, sa bawa't mananampalataya na naririto sa gabing ito, samantalang sila'y naghintay sa silid na ito.

¹⁴⁸ Marami sa kanila ay kailangang magmaneho sa daan ngayong gabi, sa kanilang pag-uwi sa kanilang mga tahanan, at nawa ito ang maging kaisipan nila, "Ako'y nabubuhay sa Bukal na iyan. Ako'y nabubuhay doon, sariwang umiinom, oras-oras."

¹⁴⁹ At kung hindi nila natanggap iyan, hanggang ngayon, kanila nawang matanggap Siya ngayon, upang kanilang madala ang Bukal kasama nila. "Ako'y sasama sa inyo; Ako'y kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Ipagkaloob ang mga bagay na ito, Ama.

¹⁵⁰ At ngayon habang nakayukod ang ating mga ulo, mayroon bang isa na naririto, sa gabing ito, o ilan ang magsasabi, "Panginoon, dalhin mo ako sa Bukal na iyan ngayon mismo. Hindi ako naparito para lamang makarinig; ako ay naparito upang alamin ang Isang bagay. Ako ay pumarito upang masusumpungan Ka, Panginoon. Ako ay may pangangailangan sa Iyo sa gabing ito. Pumarito sa aking puso ngayon mismo. Maaari mo bang gawin ito, Panginoon?" Pagpalain kayo ng Dios. Pagpalain ng Panginoon ang bawa't isa.

¹⁵¹ Ama, Iyong nakita ang mga kamay, maging sa taas at palibot ng dingding, at sa iba pang mga silid, sa labas. Iyong—Iyong nakita sila, Ama. Aking—aking dalangin na Iyong tutustusan ang lahat nilang pangangailangan. Marahil sila'y umiinom sa isang lumang balon, Panginoon, sa himpilan na nasa kalahating daan lamang ng biyahe kung saan ang isang tao ay gumawa ng isang balon, ito'y narumihan ng lahat ng uri ng kakaibang mga doktrina, itinatatwa ang Salita. Aking dalangin, Dios, na ngayong gabi sila'y lalapit sa Kaniya na Siyang Bukal na iyan, ang Bukal ng Buhay na iyan. Ipagkaloob ito, Ama. Inihahabilin ko sila sa Iyo ngayon sa Pangalan ni Jesus.

¹⁵² At Iyong sinabi sa akin, "Kung kayo ay hihingi ng anuman sa Aking Pangalan, ito'y mangyayari." Ngayon, hindi ko hihingin ito, Panginoon, kung hindi ko iniisip na ito ay mangyayari. Ako—aking sinasabi lamang ito sa isang pangkaraniwang ritwal. Nguni't ako ay dumadalangin para sa kanila, na may katapatan. Ako ay dumadalangin para sa kanila, nananampalataya na Iyong ipagkakaloob kung ano ang Iyong ipinangako.

¹⁵³ At ngayon sila'y aking kinukuha mula sa balong iyan sa gabing ito. Aking kinukuha silang palayo mula sa dako na dati

nilang pinag-iinuman, kung saan hindi sila nasisiyahan; tungo sa Bukal na ito. Ginagawa ko ito sa Pangalan ni Jesus Cristo.

¹⁵⁴ Sila ay sa Iyo, Panginoon. Hayaan silang uminom mula sa Iyo, ang buhay na Tubig, ang Bukal ng buhay na Tubig. Sa Pangalan ni Jesus, akin itong hinihiling. Amen. Ipagkaloob ito, Panginoon.

Oh, precious is that flow
That makes me white as snow;
No other fount I know,
Nothing but the Blood of Jesus.

What can wash away my sin?
Nothing but the Blood of Jesus;
What can make me whole again?
Nothing but the Blood of Jesus.

Oh Jesus, pagalingin ang mga ito, Panginoon! Ipagkaloob ito, Panginoon, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus. Dalangin ko, Dios, na Iyong. . . ? . . . Ikaw ang nakaaalam ng lahat ng bagay.

No other fount I know,
Oh, nothing but the Blood of. . .

¹⁵⁵ Isipin ito, wala nang iba pang bukal ang alam ko! Wala na akong iba pang nalalaman kundi Siya. Wala na akong pagnanasang malaman pa ang iba kundi Siya. Wala na kundi ang Dugo ni Jesus! Oh!

Oh, precious is the flow
That makes me white as snow;
No other fount I know,
Oh, Nothing but the Blood of Jesus.

¹⁵⁶ Habang ating inaawit iyang muli, magkamayan tayo sa isa't isa. Mahal ba ninyo ang isa't isa? Mayroon ba ditong sinuman na may anumang laban sa iba? Kung mayroon, itama ito. Gagawin ba ninyo? Huwag tayong umalis dito na gaya niyan. Kita n'yo? Kung mayroon kayong laban sa sinuman, itama ninyo, ngayon din mismo. Ngayon mismo ay ang inyong pagkakataon upang pumunta, sabihin, "Kapatid na lalaki, kapatid na babae, may isang bagay akong sinabi tungkol sa iyo, ako ay nag-isip ng isang bagay. Hindi ko sinasadyang gawin iyon. Patawarin ako." Kita n'yo, iyan ang paraan para gawin ito. Hayaang sumaatang kalagitnaan mismo ang Bukal, sa tuwina. Kita n'yo?

No other fount I know,
Nothing but the Blood of Jesus.
Oh, precious is the flow
That makes me white as snow;
Oh, no other fount I know,
Nothing but the Blood of Jesus.

¹⁵⁷ Oh, hindi ba Siya kahanga-hanga? Wala nang ibang bukal! Hindi natin dudumihan ang ating sarili ng ibang mga bagay.

Tayo'y humiwalay na, iniwan ang sanlibutan sa likuran. Ayaw na natin ang mga bawang ng Ehipto at mga sirang balon. Tayo ay nasa paglalakbay kasama ang Panginoong Jesus, ang hinampas na Batong iyan, amen, kumakain ng Manna na nagmumula sa Itaas, at umiinom; kumakain ng Pagkain ng mga anghel, at umiinom mula sa Bato. Amen!

No other fount I know,
Nothing but the Blood of Jesus.

Ngayon ating iyukod ang ating mga ulo.

¹⁵⁸ Dumadalangin na ang Dios ay pagpalain ng lubos bawa't isa sa inyo, na ang Kaniyang biyaya at habag ay sasa inyo hanggang sa darating na linggo. At kung may anumang mangyari, na isa sa inyo ay makalabas sa tabing ngayon, alalahanin lamang na ito lamang ay ilang oras ng pagtulog at pahinga hanggang sa tayo'y magkita. Tandaan, na, "Silang nangabubuhay at nangatitira ay hindi mangauuna sa nangakatulog, sapagka't ang Trumpeta ng Dios, ang huling Trumpetang iyan. . ." Ang ikaanim ay tumunog na. At ang huling Trumpetang iyan, tulad ng huling Tatak, ay ang Pagdating ng Panginoon. "Ito ay tutunog, at ang mga nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na mag-uli." Nagpapahinga lamang hanggang sa oras na iyan.

¹⁵⁹ At kung kayo man ay masaktan, alalahanin:

Dalhin ang Pangalan ni Jesus kasama ninyo,
Bilang kalasag sa bawa't silo;
At kapag ang mga tukso ay magkatipon sa
inyong palibot,

Banggitin lamang iyang banal na Pangalan sa panalangin,
(Ang mga diablo ay magsisilayas.)

¹⁶⁰ Alalahanin lamang, kami ay umaasang makikita kayo dito sa susunod na Linggo ng umaga. Dalhin ang may-sakit at nagdadalamhati. Idadalangin ko kayo. Ako'y idalangin ninyo ngayon. Maaari ba ninyong gawin ito? Sabihin, "Amen." [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."—Pat.] Idadalangin ko kayo, na ang Dios ay magpala.

. . . Name in prayer.

Precious Name, precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious Name, precious Name, (hindi ba ito
matamis at katangi-tangi?)
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

¹⁶¹ Laging napakahirap na iwan kayo. Kahit na alam ko na kayo'y nag-aalab, nguni't mayroon lamang isang bagay tungkol...Ating, isa na lang na talata ng isang bagay, maaari ba ninyong gawin ito? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen"—Pat.] Maaari ba ninyong gawin ito? *Blest Be The Tie That Binds*, kapatid. Ilan ang nakaalam ng lumang awit? Dati namin itong inaawit, mga taon na ang nagdaan.

¹⁶² At ako ay nag-iisip, ngayong gabi, "dalawang kamay, sa daan-daan, na natitira," nang dati naming inaawit ang kantang iyan sa palibot ng tabernakulo, at naghahawak-kamay sa isa't isa. *Blest Be The Tie That Binds*. Inilibing ko na ang marami sa kanila, sa dako rito sa libingan. Sila'y naghihintay. Makikita ko silang muli. Sila'y aking nakikita, paminsan-minsan, sa isang pangitain, kapag tumitingin ako sa kabila ng tabing. Sila'y naroroon.

Ating iyukod ang ating mga ulo ngayon habang tayo ay umaawit.

Blest be the tie that binds
Our hearts in Christian love;
The fellowship . . .
Is like to that Above.
When we . . .

Ngayon abutin at hawakan ang kamay ng iba.

. . . asunder part,

Ngayon iyukod ang inyong ulo.

It gives us inward pain;
But we shall still be joined in heart,
And hope to meet again.

¹⁶³ Habang nakayukod ang ating mga ulo. Ibinibigay ko ang gawain sa pastor ngayon, at makakauwi sa . . .



MGA SIRANG BALON TAG64-0726E

(Broken Cisterns)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Hulyo 26, 1964, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2007 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org